

MGA PILING KUWENTONG-BAYANG SURIGAON: ISANG ANTOLOHIYA

Dr. MEDELYN M. MONTENEGRO

(Department of Languages, College of Arts and Sciences/ North Eastern Mindanao State University)

ABSTRACT: Ang pangunahing layunin ng pananaliksik ay makalikom at masuri ang mga piling kuwentong-bayang Surigaonon tungo sa pagbuo ng isang Antolohiya. Tinitiyak ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod na pahayag: tema; simbolismo; kultural na implikasyon; at antolohiya. Ginagamitan ito ng kwalitatibong pamamaraan upang mapakahulugan ang mga datos na nakalap. *Content Analysis* ang naging pamamaraan ng pag-aanalisa. Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng mga sampung (10) tubong Surigaonon na nakatira sa iba't ibang lungsod sa edad 50 pataas. Isang talatanungan na sinabayan ng impormal na panayam ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Lumabas sa pag-aaral nasa pagsusuri ng tema sa mito, kuwentong kababalaghan ay lumilitaw na naniniwala ang karamihang tao noon sa mga kababalaghang nangyayari at may matibay na pananampalaya sa Poong Maykapal. Lumitaw din sa pag-aaral na ang pagtutulungan ay hindi mawawala sa kanilang kaugalian at tradisyon. Sa pagsusuri ng simbolismo sa bawat kuwentong-bayan, kadalasan ang sinisimbolo nito kung ano ang kanilang kaugalian. Napag-alaman sa pagsusuri ng kultural na implikasyon, nakapaloob sa bawat kuwentong-bayan na mahilig pa ring maniniwala noon sa mga kuwentong kababalaghan at ang iba ay panakot sa mga batang hindi maagang natutulog. Ang mga kuwentong-bayan ay nagmula sa mga salaysay ng ating mga ninuno na dapat nating pahalagahan at i-preserba para sa susunod na henerasyon. May mga oral na literatura pa sa ibang lungsod ng Surigao del Sur na hindi pa nailathala, pag-aralan pa ito upang mapatunayang ang Surigao del Sur ay napakayaman sa mga folklor. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ay nabuo ang isang antolohiya ng mga kuwentong-bayang Surigaonon na maipagmamalaki sa buong rehiyon ng Caraga na hanggang ngayon ay nanatili pa rin bilang bahagi ng kanilang kulturang kinagisnan.

MGA SUSING SALITA (Keywords) : *Kuwentong-bayang Surigaonon, antolohiya, tema, simbolismo, at kultural na implikasyon.*

I. INTRODUCTION

Ang mga Pilipino ay madalas na magtipon-tipon at karaniwang nauuwi ito sa biruan, awitan, kuwentuhan, at paglalaro. Ang kuwentuhan ay pinakakaraniwang nangyayari na kadalasan tungkol ito sa kanilang buhay-buhay o sa mga namanang salaysay at Ito'y tinatawag na kuwentong-bayan.

Ang mga mamamayan sa Surigao del Sur ay katulad ng karaniwang mga mamamayan na ang kanilang libangan ay pagkukuwento ng mga kababalaghang nagaganap sa kanilang bayan lalong-lalo na tuwing kabilugan ng buwan. Ang Surigao del Sur ay napakayaman sa mga kuwentong-bayan tulad ng mito, pabula, kuwentong kababalaghan, alamat, at pabula. May ibang mga kuwentong-bayan ang nalathala na at ang karamihan ay nananatiling pasalitang panitikan hanggang sa kasalukuyan. Ang mga nasabing mga kuwentong-bayan ng Surigaonon ay pinaniniwalaan ng marami sa dahilang naging bahagi na ito ng kanilang pamumuhay. Patunay nito ang sinabi nina Silva at Tehrani (2016) sa kanilang pag-aaral na ang mga kuwento ay hindi diretsahang nagpasalin-salin mula sa mga ninuno patungo sa kanilang mga kamag-anak o mga tagapagmana lamang kundi ang mga ito'y nagpasalin-salin sa kahit kanino dahil sa pakikipag-usap, pakikipagsalamuha, pangangalakal at pakikipagsapalaran sa buhay. Samakatuwid, hindi matukoy kung saan o kanino nagmula ang isang kuwento. Binigyang-diin naman ni Sims (2005), ang mga akdang pampanitikan gaya ng folklor, aniya, upang lubos na maunawaan ang mga ito bilang mga buhay na tradisyon ay dapat muna itong bigyang-pansin at maranasan ng tao. Dapat na bigyang-halaga ng bawat Pilipino ang sariling folklor. Winika ni Kitayama (2005), nasasalamain sa mga kuwentong-bayan ang tao at ang kanyang kultura. Dagdag pa niya, ang kuwentong-bayan ay mga kuwentong nagpasalin-salin sa mga tao mula pa noon. Gayundin, ang kuwentong-bayan ay kapaki-pakinabang na produkto ng kultura sa pagsusuri sa mga isyung may kinalaman sa tao, sa mga suliraning kanyang kinakaharap at kung paano niya ito malulutas. Sa mga kuwentong-bayan nakasalalay ang kultura at tradisyon ng bawat mamamayan. Ang mga nakalap at nalikom na mga kuwentong-bayan ay nagsisilbing

kasaysayan na kinapapalooban ng mga mahalagang detalye tungkol sa mga tao. Maaari itong magamit bilang instrumento ng pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay siyang naghimok sa mananaliksik na pag-aralan ang mga kuwentong-bayan sa probinsya ng Surigao del Sur. Ipinahayag din dito na ang kuwentong-bayan ay repleksyon mula sa pinagmulan ng lugar batay sa iba't ibang natuklasan ng ibang may-akda. Mahalagang bigyang-pansin ang mga kuwentong-bayang Surigaonon upang ito ay mapangalagaan at mapagpapasalamat nang sa gayon ay magagamit at makapagbahagi ng kaalaman sa mga taong makababasa nito.

II. HEADINGS

Ang Batas Republika Blg. 7104 (Agosto 14,1991) na inaatas ng Saligang Batas ng Pilipinas, na magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang katutubong wika sa Pilipinas. Dagdag pa, hangarin ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na paunlarin ang Filipino bilang isang modernong wikang magagamit sa mabisang kasangkapan sa kabuuan ng pambansang pagpapaunlad.

Kalakip din sa pag-aaral na ito ang programang MTB-MLE o ang pagpapatupad ng Mother-Tongue-Based Multilingual Education Program o ang paggamit ng wikang kinagisnan sa pagtuturo sa mga mag-aaral ng Grade 1 hanggang Grade3, ngunit nahihirapan ang guro dahil walang mga sangguniang aklat na magagamit para sa pagtuturo lalong-lalo na sa pagtuturo ng panitikang tumatalakay sa mga rehiyonal partikular sa rehiyong ng Caraga.

Nakasaad din sa batas at regulasyon ng R.A. 9593 na kinakailangang itaguyod ang makabuluhang kasaysayan, panitikan at kultura ng turismo sa mga kabataan at mga mamamayan. Kabilang na sa mga dapat itaguyod ay literatura, pati na rin ang mga kuwentong-bayan, sa gayong dahilan, napakalaki ng pangangailangan na alagaan ang mga kuwentong-bayang ito.

Napakahalaga ang isinasaad ng Saligang batas tungkol sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon upang mamulat ang mga kabataan na ang Pilipinas ay napakayaman ng panitikan at magagamit din ito ng mga guro sa pagtuturo lalong-lalo na sa panitikang rehiyunal.

Sa artikulo ni Aputan (2013), ang pag-aaral ng ating sariling panitikan ay napakahalaga. Sa pamamagitan nito ay malalaman, madarama at masusumpungan natin kung paano nag-ugat at namuhay ang ating mga ninuno. Sa tesis ni Weerasingher (2010), na sadyang malaki ang tungkuling ginagampanan ng kuwentong-bayan, upang mahubog ang kakayahan ng tao sa pakikisalamuha. Sa pamamagitan ng kuwentong-bayan ay mabubuksan ang isipan ng mga tao kung gaano kahalaga ang pakikisalamuha sa kapwa nang sa gayon ay maging bukas ang isipan patungkol sa mga bagay-bagay. Sa pag-aaral naman ni Loyoja (2011), napag-alaman niya na ang rehiyong Bicol ay mayaman sa mga kuwentong-bayan na karamihan ay hindi nailathala. Nasasalamin nito ang kultura, paniniwala at ang pagpapaliwanag kung paano nagsimula ang mga bagay-bagay maging ang mga ngalan nito. Nadiskubre sa pag-aaral ni Eugenio (2007), ang folklor bilang isang lipon na kinabibilangan ng lahat ng uri ng tradisyunal na kaalaman ng mga pangkat ng tao na pinagbuklod ng wika, relihiyon at paraan ng paggamit. Dagdag pa niya, na ang mga alamat na nagpapaliwanag ng pinagmulan ng lahat ng uri ng bagay tulad ng mga heograpikal na katangian gaya ng bulkan, lawa, at ilog na tinatawag na mga alamat na etyolohikal, sa kabilang banda, ang kuwentong-bayan ay itinuturing na gawa-gawa lamang at dahil ibinabahagi lamang bilang pang-aliw at pagtuturo ng kagandahang-asal ang kuwentong-bayan ay maaaring naganap o hindi seryoso. Napatunayan sa tesis ni Du (2014), na may iba't ibang kuwentong-bayan sa genre ng alamat na etyolohikal, mito, salaysayin, at mga pabula ang mga B'laan ng B'laan, mayroon ding iba't ibang dimateryal na kultura ang masasalamin sa kuwentong-bayan.

Sa pag-aaral ni Bron (2006), ay nilikom at sinuri niya ang mga panitikang bayan sa apat na bayan ng Camarines Norte. Natuklasan niya na ang panitikang bayan ay kasalaminan ng mahalagang implikasyon hinggil sa pagpapahalagang moral at edukasyon na nakasentro sa pagkilala at pagtitiwala sa Dakilang Lumikha, sa pakikipamuhay nang maayos at sa pag-ambag sa kalinangang panlipunan ng bansa.

Winika naman ni Chen (2009), hinggil sa tema ng kuwentong-bayan ay sinasabi niyang kadalasan sa mga ito ay kakikitaan ng matulunging hayop, mga di-kapani-paniwalang pagbabagong anyo, mga kahilingan na natutupad, at higit sa lahat ang pagkakaroon ng mahika. Ito ang ilan sa mga katangian na nagbibigay engganyo sa mga mambabasa o di kaya'y sa mga nakikinig.

Sa pagsusuri ni Jin Joo (2016), natuklasan niyang ang tema o paksang diwang napapaloob sa nabasang pabula ay "*Huwag maging makasarili at samantalain ang kahinaan ng kapwa dahil lamang sa pansariling interes.*"

Sa tesis ni Camar (2016), sa pagsusuri niya sa mga pagpapahalagang napaloob sa bawat kuwentong-bayang nalikom mula sa Cantilangnun, natuklasan niya na karamihan sa mga kuwentuhang-bayan ay kakikitaan ng pagpapahalagang makatao na sinundan ng maka-Diyos, makakalikasan, at makabayan.

Natuklasan sa pag-aaral ni Yason (2012), na ang alamat ay karaniwang tumatalakay sa katutubong kultura, kaugalian o kapaligiran. Ito ay tumatalakay rin sa mga katangiang maganda tulad ng pagiging matapat, matapang, matulungin at ang katangiang hindi maganda tulad ng pagiging mapaghiganti, sakim o mapanumpa.

Ngunit sa bandang huli ang kuwento ay kapupulutan ng aral para sa ikabubuti ng iba. Ito ay sumasalamin sa kultura ng bayang pinagmulan nito.

Ang kuwentong-bayan ay kaluluwa ng isang lahi sa pamamagitan ng paglilimbag o pagsasatitik ay nananatili itong buhay sa isipan ng mga tao. Mahalagang pag-aralan ang kuwentong-bayan sapagkat bahagi ito ng panitikan na nagsisilbing tulay upang makita at mabatid natin ang kaugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan, sa pamamagitan noon ay mahaharap ang darating na bukas na may lakas at paninindigan kung ano ang pinagmulan.

Hanggang ngayon, laganap pa sa ating paligid ang iba't ibang panitikan na sumasalamin sa tradisyon, paniniwala at kultura ng bawat lugar. Karamihan sa mga ito ay hindi pa nalilintang, napapayaman at napag-ukulan ng panahon para pag-aralan. Samakatuwid, sa tulong ng mga pinagbabatayan at mga nakalap na mga impormasyon, ang pag-aaral na ito ay maging isang instrument upang mananatiling buhay ang mga literaturang nakahimlay sa probinsya ng Surigao del Sur upang magising sa pagkakahimbing at maipasa ito sa bagong henerasyon at sa susunod pang mga henerasyon ng mga kabataang Pilipino partikular ang mga kabataang Surigaonon.

III. IDENTATIONS AND EQUATIONS

Tagatugon ng Pag-aaral

Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay mga lehitimong mamamayan na naninirahan sa unang distrito ng Surigao del Sur. Maaaring babae o lalaki ang mga tagatugon mula sa limampu't limang (55) taong gulang pataas.

Lugar ng Pananaliksik

Ang lugar na pinagkukunan ng datos ay mula sa unang distrito ng Surigao del Sur.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Ginamit ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang sa pagkalap ng datos:

1. Paghahanda ng talatanungan
2. Pagtatanong sa kanila tungkol sa nilalaman ng talatanungan.
3. Pagre-*record* sa kanilang mga kasagutan.
4. Pagbibigay ng interpretasyon sa datos na nakuha mula sa *recorder*.

Instrumentong Ginamit

Isang talatanungan na sinabayan ng impormal na panayam ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos.

VI. FIGURES AND TABLES

4.1 Pagsusuri sa tema ng Mito, kuwentong kababalaghan, pabula, at alamat

Ang mga sumusunod na datos ay nagpapakita ng pagsusuri ng temang nakapapaloob sa bawat piling pahayag ng mito, kuwentong kababalaghan, pabula at alamat. Ang mga talahanayan na makikita ay ang naging resulta ng pag-aaral sa unang distrito ng Surigao del Sur.

Talahanayan 4.4.1 Tema ng Mito

Mga Kuwentong-bayan	Pamagat	Mga Piling Pahayag	Tema
M I T O	Milagro nan mahal na Birheng Maria	Mismo gajod si iyo Emedio an nakakita nan milagro nan Birhen Maria kay tagbuno sija sa tijan pero way samad kay minkadto sija sa simbahan minsaub sija sa altar , pagtan-aw nija wayay ija samad.Dako an ija pasalamat sa Mahal na Birhen kay tagtagaan pa gajod sija nan ikaduha na kinabuhi.	Matibay na pananampalataya.
	An Mahal na Birheng Maria	An mga tawo sa una na panahon kay may hugot na pag-ampo ug pagdayeg sa	Matibay ang pananampalataya ng mga Pilipino sa

		Mahal na Birheng Maria. Kada Mayo magselebrar sila nan kapistahan agi pasalamat sa mga grasya na ila nadawat. Ila iprusisyon ang Birhen libot sa tibuok lugar.	Maykapal.
	Si Maria Immaculada Conception sanan si San Nicolas	Laong nan isa ka tiguyang na nakakita kay nan paapiki na an mga pirata kay min-agi sila ni Maria Immaculada Conception sanan si San Nicolas, amura kuno mga higanti an nagsampun sa kuta para dili hikit-an nan mga pirata. Nagmilagro an mga santos.	Likas sa mga Pilipino ang maniniwala samga milagro mula sa Maykapal
	Taggikanan nan Dinayhogan	Kun sin-o jadton gusto mangasawa kan Dinay nahigugma, kinahanglan moagi nan pagsuyay para matinood an gugma kan Dinay idayhog kaw did-on kay jaoy may lungag nan Dinayhogan may langub na jaon did-on sa ilayum, magbaybag-baybag man kay dugyum, kun may makaabot sa lugwa, an ija gugma kay Dinay tinuod .	Dalisay na Pag-ibig

Matutunghayan sa Talahanayan 4.4.1 na sa mitong “*Taggikanan nan Dinayhogan*” ang temang napapaloob dito ay ang “*Dalisay na Pag-ibig*” dahil sinuong ang panganib ng sinumang gustong sumubok upang makamit ang tunay na pag-ibig. Kung sinuman ang magtatagumpay sa pagsubok na iyon, ibig sabihin, dalisay ang kanyang pag-ibig sa babaeng kanyang iniirong..

Sa kabuuan, ang mito ay tungkol sa mga kuwento ng mga diyos, diyosa at kasama na rin dito ang mag milagrong nagaganap sa simbahan, sa mga bahay at kung saan-saan na gawa ng mga Santos at mga Santas. Sa panahon ngayon, hindi mawawala ang ganitong paniniwala, nanatili pa rin sa puso at isipan ng mga Pilipino ang pagsamba, pananalig, at pananampalataya sa Panginoon at handang ipaglaban ang pagmamahal mapatunayan lamang ang kanyang tunay at dalisay na pag-ibig..

Bagamat maraming mga relihiyon ang nagsusulputan ngayon, hindi maikakaila na iisa ang pinaniniwalaan at tagbuhan sa panahon ng kalamidad o anumang sakuna sa ating buhay ang taimtim na pananampalataya sa Poong Maykapal.

Talahanayan 4.4.2 Tema ng mga Kuwentong kababalaghan

Kuwentong-bayan		Mga Piling Pahayag	Tema
K U W	Tagbaliw	May isa ka tawo noduot sa suba na naghubo, nagdyagan-dyagan sa kakahujan, minkaliit paglinti na tuda, inlintian an tawo mimpikit ija lawas sa bato na porma ra isab na tawo. Ini ang taglaong na tagbaliw.	Pangyayaring kababalaghan
E N	An Buyawan na Kampana	Hamok an gusto na makakuha nan kampana na buyawan pero dili nila makuha kay an kampana taglibutan na dako na hayas.	Ang pagiging sakim
T	An Kapun-	May ila hinkit-an na babaje na	Likas sa mga

O N G K A B A B A L A G H A N	an lambog nan	nagtindog ila gayuj tagsuyong mintras nagduyog an sakjanan. Puti an baro nan babaje , abot sa lapa-lapa an kahaba an ila inkahadlukan kay wayay wayong na hikit-an an babaje.Taud-taud min-atubang an babaje sa kapun-an nan lambog human nawaya dajon. An ila istorya minsuyod sa kapun-an nan lambog an babaje kay amoy ila huy-anan.	Pilipino ang maniniwala sa mga kababalaghan.
	Ginoong Follow the Leader	Sa panahon nan Hapon, an mga tawo sa baryo Union may ila tinuuhan na an balaod” Follow the Leader “ (Sundon an panguyo), an ini na tinuuhan nan mga tiguyang kun unoy ilaong nan ila panguyo amoy sundon nan tanan. An permi himoon nan mga tiguyang kay an pagtinampayas sa suyod mismo nan simbahan.	Pagiging mapagsamantala at pag-aabuso sa kapangyarihan
	Ayok sa Panikian	May naghikog sa karaan na bayay natingaya sila kay nagdalit ra an siki sa sayog, ayok baja jadto.	Pagiging mapapaniwala sa mga tao sa mga kababalaghan
	An Inkganto	Aja ra kahuyog nalumos sa suba , mapatay sanan masakit kay taghilabtan nan dili parehas sa ato kay tagkuba nila an ila huy-anan,may makadungog na mga boses na amora nagbibo arang kabujong sila .	Pagiging mapang-abuso sa kalikasan.
	An Kabayo	Pag-abot nan panahon ni Mongmong ila tagbaklas jadton bato kay pagtoo nila na buyawan isab an didto naghagdan-hagdan sila. Pagka nabuslot na jadton bato na amora kabayo nolinti, panlinti koman nangahuyog sila. An suyod baja nan jadto mga bato ra isab.	Pagiging mapaniwala sa mga kababalaghan
	Santilmo	Uno man jadto na may suga sa tumoy nan kan bagis nay a may lain na nanuyo kami ra man ni tatay Nonoy, matay taud-taud musutoy dajon an suga, mubukad pa kaw amo ra nan pajong kadako, nandyagan kami kay santilmo man baja jadto.	Likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kababalaghan.
	An Inkganto sa Malitang	Minlabay an pila ka adlaw, nahibuyong si nanay Pepay kay an ija bata na lyake nasunog an lawas na wayay kyajo na hikit-an, waya isab kalapwahi sanan waya isab masunog an baro.Grabe an haja nan bata sa kasakit nan ija paso.	Likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kababalaghan.
	Malitangtang	Hikit-an sa lungsod nan Cantilan ini isa ka bukid na puno nan nagkalain-lain na lagku na kahoy sanan lagku na mga bato. Sa pinakatunga sanan sa pinakataas nan bukid	Kagandahang taglay ng kalikasan

		makit-an an pinakadaku na Nunuk. Bagan paraiso kunu kun sudlun ini na lugar kay jauy imo hikit-an na kaliguan sa suyud.	
	An Inkganto sa Pier nan Consuelo	Naglaong an manyambay na tagkuha si Godella nan ingkanto bajad sa ila pagbujong-bujong . Pagkaduyom nagdamgo an ija nanay na makamata si Godella kun lukaton nila nan isa ka milyon ka pesos. Way mahilukat nan ija nanay ugsa namatay gayud si Godella na an ija lawas payot ra nan saging sa pagtan-aw nan manyambay.	Likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kababalaghan
	An baboy na Wakwak	Pagkanaog nija sa karabaw mindasmag dajon sa ija an dako sanan nagkalaga na mata nan baboy. Marajaw gani kay nakabantay sija ija dajon tagbuno nan tambang. Naigo an baboy sa abaga na kalit nawaya sa dugyum.	Likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kababalaghan
	An Ajam ni Iyo Martino	Si iyo Martino is aka manyambay sa amo lugar. Hamok an ija mga binuhi na mga mananap o ajam ni Iyo Martino. Sa kahamok nan ija mga tanom na makaon wayay mokawat kay mahadlok sa ija mga ajam. Pero may isa ka bata na inganahan gajod sa ija tanom na tubo na nabali sa may karsada na. Ija tagkuha sanan tagkaon. Pag-abot sa ila bayay, hurot na an tubo. Pagkataud-taud insakitan sija nan tijan, nagsuka sanan nagkalibang wayay pag-undang hangtod tagdaya sa hospital. Tagkuha dajon si iyo Martino , ija dajon tagtambajan an bata.	Pagiging matulungin at mapagpatawad
	An Sigbin sa Suba nan Carac-an	Hawag karajaw an suba nan Carac-an ugsa man kada duyom hamok an manuyuy kay hamok man isda. Isa ka duyom, nanuyo si Pilot . Wayay ija iban kay taghilantan an ija manghod. Lajo na an ija panaw ya nasija makabatok pag-uli. □ Natingaya sija kay kun mopanaw sija muduyog an batang. Tagpaspasan nija ija panaw hangtod apiki na sa ija an batang. Grabe an ija sawan kay an batang nahimo nan is aka hajop na way wayong hampan nagtuwad pasingod sa ija. Bitbit an petromaks, naghindyagan sija sa kahadlok.	Likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kababalaghan

Sa kuwentong kababalaghang "*An Buyawan na Kampana*" ito'y napapalooban ng temang " pagiging sakim " sa dahilang maraming tao ang naghahangad na makuha ang gintong kampana kahit malagay sa panganib ang kanilang buhay dahil may nagbantay na isang malaking ahas. Wala na ring nabalitaan ngayon na may kampanang ginto na natagpuan, ang sa ngayon ay ang pagmimina na kung saan nagpapatuloy hanggang

ngayon ang paghahanap ng mga kayamanang naitago noong panahon ng Hapon ang tinatawag na *Yamashita Treasure*.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Kapun-an nan Lambog*" na may temang "kababalaghan" dahil sa babaeng nakasuot ng mahabang puting damit na walang mukha at pumasok sa puno ng Lambog at biglang naglaho na parang bula. Maraming naitampok na ipinakita sa GMA News Ka ng ganitong kababalaghan tulad ng programa sa Kapuso Mo Jessica Soho noong may programang graduation na kung saan nakuhaan ito ng litrato ang babaeng nakaputi sa itaas ng entablado at tila nanonood sa nasabing programa.

Sa kuwentong kababalaghang "*Ginoong Follow the Leader*" ang temang napapaloob dito ay "pagiging mapagsamantala sa kapwa at pag-aabuso sa kapangyarihan" dahil sinasamantala ng kanilang pinuno ang kahinaan at kamangmangan ng kanilang nasasakupan kaya't kung ano-anong kabulastugan ang ipinagawa sa kanila. Inaabuso rin nila ang kanilang kapangyarihan upang magawa nila ang gusto nilang ipagawa sa mga tao. Sa mga balitang naririnig at napapanood natin, hindi lingid sa atin na maraming mga taong nasa kapangyarihan ang gusting sila ang masusunod. Wala ni isang susuway sa kanyang utos dahil siya lang ang may kapangyarihan sa lahat.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Inkganto*" na kinapalooban ng temang "pag-aabuso sa kalikasan at kababalaghan" dahil sinira ng mga tao noon ang tirahan ng mga ingkanto kaya kung sino man ang maliligo sa ilog, magkasakit at mamamatay. Maraming kababalaghan ang mga nangyayari dito dahil may umiiyak sa kalagitnaan ng gabi. Maraming aswang, engkanto, duwende, at kapre at sabi pa ng albularyo pugad daw ito ng mga dyablo.

Sa kuwentong kababalaghang "*Ayok sa Panikian*" na may temang "Katatakutan" dahil nakakatakot na mabalitaan mong may nagpatiwakal na sumasayad ang paan sa sahig at napag-alaman na ito pala ay isang aswang.

Tampok sa Jessica Soho noong Marso 25, 2019 na isang sanggol sa Iloilo ang inaswang at napatunayan ito ng sinabi ng albularyo na ihulog ito sa bintana at makikita na hindi sanggol ang lamang lampin. Kahit makabagong henerasyon na, may mga ganitong kuwento pa rin ang nangyayari doon sa probinsiya ngunit bihira na ang ganitong kuwento sa mga siyudad.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Kabayo*" na may temang "Pagiging sakim" dahil may isang taong nakasakay sa kabayo ang tinamaan ng kidlat at ito ay dumikit sa baton a kabayo pa rin ang hugis. Sa halip na i-preserba ang nasabing bato, may dumating na mga lalaking dumurog sa bato dahil akala nila na may ginto sa loob. Dahil sa kasakiman ng tao, nahulog silang lahat na wala palang ginto kundi nadurog na bato.

Sa kuwentong kababalaghang "*Santilmo*" na may temang "kababalaghan" dahil sa nakita ng mag-ama ang isang bolang apoy na biglang pumapailanlang sa himpapawid na kasing laki ng payong at bubulusok sa ibaba at kakalat ang apoy. Naniniwala noon ang mga tao na kapag ang isang tao ay namatay sa saksak at ang kanyang dugo ay napatakan ng ulan, ito ay magiging santilmo, isang kaluluwang nag-aapoy na walang mukha. Paniniwalang mga matatanda, ang kaluluwang ito ay hindi natatahimik sa kanyang kinaroroonan kaya nagbabalik sa pamamagitan ng pormang tao na walang mukha at may mga apoy sa katawan. Ayon sa matatanda, kapag sinalakay ka ng santilmo, hahambalusin mo ito ng walis tingting dahil ito ang sumpa na sila ay lalayo sa iyo.

Sa kuwentong kababalaghang "*An Inkganto sa Malitangtang*" na may temang "Kababalaghan" dahil sa di kapani-paniwang pangyayari sa anak na lalake ni nanay Pepay na nasunog ang buong katawan na walang dahilan, walang apoy na makita at hindi nasunog ang damit. Pinaniniwalaan ni nanay Pepay na kusang kinuha ang kanyang anak dahil hindi siya pumayag na bilhin ito sa halagang isang sakong ginto. Dahil sa hindi pumayag si nanay Pepay, ang kanyang bunsong babae naman ang pinarusahan at kalaunay namatay sa walang karamdaman at sa pagkamatay ng kanyang bunso, biglang gumaling sa isang iglap ang anak niyang nasunog. Ang mundo ng mga engkanto ay karaniwang nasa ilalim ng lupa o sa kahima-himalang ibang dimensiyon. Ang oras dito ay mahimalang nagbabago-ang isang gabi ay maaaring katumbas ng isang buhay sa mundo ng tao kapag nasa lugar ka ng mga engkanto kaya dapat ibayong pag-iingat.

Sa kuwentong kababalaghang "*Malitangtang*" na may temang "Kagandahang taglay ng kalikasan" dahil noong unang panahon ang lungsod ng Cantilan ay napalibutan ng malalaking bundok at malalagong punongkahoy na kung saan marami ang naninirahang mga ibang elemento tulad ng mga engkanto na siyang tagabantay sa kalikasan. Ayon sa matatanda, parang paraiso ang nasabing lugar dahil sa ganda nito. Marami rin ang nagsabi rin na kapag nabihag ka na ng mga engkanto, walang hanggang ang saya doon, masagana ang pagkain ngunit wala itong lasa at halos maiitim ang kulay. Kapag humingi ka raw ng asin, tiyak na maibabalik ka sa mundo ng mga tao.

Sa kuwentong kababalaghang "*An Inkganto sa Pier nan Consuelo*" na may temang "kababalaghan" dahil sa pagkamatay ng isang dalagang galing sa pier ng Consuelo kasama ang kanyang mga kaibigan na nag-iingay sa katanghaliang tapat na natuon pa sa mahal na araw. Ayon sa albularyo, ang katawan ni Godella ay pinalitan ng puno ng saging bilang kabayaran sa pagbulabog nila sa pamamahinga ng mga engkanto. Ang mga engkanto ay pinaniniwalaan din silang naninirahan sa mga punongkahoy gaya ng mga baliti at sinasabing hindi gumagalaw ng mga tao maliban na lamang ay kung gagambalain ang kanilang pananahimik. Ayon pa rin sa

matatanda, dapat hihingi ng pemiso kapag pupunta sa mga liblib na lugar o sa kakahuyan at lalo na kapag ito'y alas dose ng tanghali at ala sa isang gabii. Ito ang mga oras na gagala ang mga engkanto na hindi makikita.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Baboy na Wakwak*" na may temang "kababalaghan" dahil noon ay may aswang na gumagala sa mga liblib na lugar tulad sa barangay ng Carac-an, masukal pa ang nasabing lugar kaya mapanganib. Ang aswang ay nagbalatkayong isang baboy, pusa at iba pang mga hayop. Muntik ng madali ang isang magsasaka ng aswang na nagbalatkayong baboy at nanlilisk ang mga mata kaya sinaksak niya ito ng matutulis na bakal. Naniniwala ang magsasaka na aswang ang baboy na iyon kaya pag-uwi niya sa bahay idinarang niya sa apoy ang bakal at nabalitaan niyang may babaeng namatay dahil may sugat sa balikat, mula noon wala ng aswang ang gumagala sa lugar na iyon. Napatunayan ito sa programang Magandang Gabi Bayan ni Noli de Castro na itinampok noong Oktubre 31, 2014 na may gumagala na aswang na mismo ang taong iyon ay umaamin na siya ay aswang na minana niya sa kanyang lolong namatay. Sa pamamagitan ng pagsasanay niyang bigkasin ang nakasulat na latin, siya ay nagiging aswang.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Ajam ni iyo Martino*" na may temang "pagiging matulungin" dahil tinulungan pa rin ni iyo Martino ang isang batang kumuha ng kanyang pananim na tubo na walang paalam na siyang dahil sa muntik niyang ikapahamak. Mabuti na lang agad sumaklolo si iyo Martino at naagapan ang malubhang karamdaman ng bata sabay humngi ng tawad. Sa kasalukuyang panahon, mayroon pa ring mga albularyo na may alagang mga hayop at may kakayahang manggamot. Kadalasan sa mga albularyo ay pupunta sa mga yungib tuwing semana santa upang kumuha ng mga gamut.

Ang huling kuwentong kababalaghang "*An Sigbin sa Suba nan Carac-an*" na may temang "pagiging responsableng tao" dahil kahit mapanganib ang mangisda sa gabii at may nagbabantang kapahamakan dahil sa isang uri ng hayop na walang mukha at patiwari kung lumakad, hindi ito inalintana ng mangingisda ang mahalaga na may makain ang kanyang pamilya. Sa Jessica Soho pa rin, itinampok noong Agosto 20, 2018 GMA, Public Affairs ang balitang may sigbin sa Kauswagan, Cagayan de oro, kung saan lahat ng kanilang dalawampu't isang alagang manok ang namatay, walang bakas ng dugo, at sa mga sumunod pang araw, sampu naman ang namatay niyang alagang manok. Sabi ng may-ari, sigbin ang umaatake sa kanyang mga alaga, marami rin ang naniniwalang may gumagalang sigbin sa kanilang lugar.

Ang mga nabanggit na mga kuwentong kababalaghang ay halos magkakatulad na mga temang napapaloob dito. Lumutang ang temang likas sa mga tao ang maniniwala ng mga kababalaghan dahil sila mismo ang nakaranas nito lalong-lalo na ang mga matatanda. Nakalulungkot lang isipin na ang mga nasabing kuwento ay pinagtatawanan lang ng mga kabataan ngayon dahil sa kanilang henerasyon ay hindi na uso ang nasabing mga kuwento. Nahahalinhan na ito ng mga gadgets at iba pang nagpalulong sa mga kabataan.

Talahanayan 4.4.4

Tema ng Alamat

Kuwentong- Bayan	Mga Piling Pahayag	Tema
A L A M A T	<p>Taggikanan nan Panikian</p> <p>Nan panahon nan mga Amerikano nagsurvey nan ini mga mineral, iron deposits, may ila guide na taga-Tarlac, pag-abot diri kay mga bukid pa man ini madabo pa man na mga kahoy hangtod koman taghuy-an pa nan mga kabog nolaong man an Amerikano" What bird is that?" (Uman ini?) " That bird called in our place is paniki, so this is panikian,(Jaon na langgam amoy tagalong dinhi na kabog (Paniki). Tungud sa kahamok tag laong sija na Panikian-Huy-anan nan Paniki.</p>	Kagandahang taglay ng kalikasan
	<p>Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 1)</p> <p>Jadton si Tilang , an pamaagi kuno magluto nan asin jaoy ibuyad sa amo ra nan pisan-pisan aja ra pahubsi. An isa isab na asin aja gajod lutua sa dako na kawa paghungaw nan jaon mahimo nan asin an tubig.</p>	Pagiging malikhain at maparaan
	<p>Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 2)</p> <p>Sa una na panahon yauy isa ka gwapa na dyaga na tagnganlan na Si "Tilang ". Sa ija ka gwapa, dabo na mga</p>	Pisikal na Kaanyuan ng Tao.

		ulitawo sa mga nagkalain-lain na lugar an nayujag sa ija. Tanan sila gusto na maasawa si Tilang. □ Sa kada adlaw na molugwa si Tilang sa ila bayay, pagkagubutan sanan pagsunod-sunuran sija nan mga nayujag sa ija lakip s iban na lugar ilado si Tilang	
	Taggikanan nan Linibunan	Sa una na panahon may isa ka baryo sa Madrid na way hikit-an na lupa, kahoy puro ra gajod tubig o suba an hikit-an. Nagkabirot an mga tawo kun hain sila maghuya. Nagkasinabot sila na ila tabangan paglibon an suba dakan may ila kahuy-an. Sa ila pagtinabangay, nalibunan an suba , naghimo dajon sila nan ila bayay.	Pagtutulungan sa isa't isa.

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.4 ang mga temang napaloob sa mga alamat na nalikom ng mananaliksik.

Ang alamat na pinamagatang "**Taggikanan nan Panikian**" ang temang nakapaloob dito ay "kagandahang taglay ng kalikasan" dahil masisilayan ang kagandahan ng mga bagay na ibinigay sa atin ng Panginoon tulad mga mineral, *iron deposits* at higit sa lahat ang mga paniki na malayang namumuhay sa mga kakahuyan. Ito ang pinagmulan ng barangay Panikian dahil sa napakaraming paniki sa lugar na iyon.

Ang alamat ng "**Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 1)**" na may temang "pagiging malikhain at maparaan" dahil ang mga tao noon ay matiyagang naghahanap ng mga paraan upang may ikabubuhay kaya dinagsa si Tilang ng maraming tao upang bumili ng asin na siyang pangunahing sangkap sa pagluluto ng pagkainkaya kapag tinanong sila kung saan sila pupunta, ang kanilang sagot "kan Tilang" kaya sa kalaanan, tinawag ang lugar na iyon na Cantilan.

Sa isa pang bersyon ng alamat ng "**Taggikanan ng Cantilan Bersyon 2**" na may temang "pisikal na kaanyuan ng tao" na kung saan binibigyang-halaga ang kagandahan ng isang nilalang. Sinasamba ito ng mga taong naghahangad na makasama o isa sa kanila ang palarang makasama si Tilang habangbuhay. Maraming mga binata ang nahuhumaling sa ganda ni Tilang kaya tuwing may nagtatanong sa mga binata kung saan sila pupunta, iisa lang ang kanilang sagot "kan Tilang", kaya pinangalanan ang lugar na iyon na Cantilan.

Ang alamat na pinamagatang "**Taggikanan nan Linibunan**" na may temang "pagtutulungan sa isa't isa" dahil sa gusto nilang magkaroon ng matitirhan kaya nagtulong-tulong sila upang matabunan ang ilog at mapatayuan na nila ng bahay. Sa pamamagitan ng kasipagan ng mga tao noon ay nagkaroon sila ng matitirhan at nagiging mapayapa ang kanilang pamumuhay at ito'y tinatawag niyang "Barangay Linibunan."

Ang mga temang napapaloob sa alamat ay nagtataglay ng kaugaliang minana mula sa ating mga ninuno. Ang mga ito ay laging nasa puso at isipan ng bawat isa at ipapamana nila ito sa mga susunod na henerasyon.

Talahanayan 4.4.5

Tema ng Pabula

	Kuwentong-bayan	Mga Piling Pahayag	Tema
P	Si Unggoy sanan si Buaja	Tagtabangan dajon ni Buaja si Unggoy na makaduot kay ija pasakjon sa ija likod. Minsakay si Unggoy sa likod ni Buaja..	Pagiging matulungin
A	Si lawalawan an Isog na si Bujog	Kada buntag madistorbo si Lawalawa sa ija pagtuyog kay grabe kabujong si Bujog. Tag-iskan ni Lawalawa si Bujog kay way respeto sa ija. Tagtubag dajon ni Bujog na dili sija pagbut-an ija jaon teritoryo.	Walang paggalang sa kapwa
U	An Uwak sanan an Awol	Saija pagpahuway, may ija nasipyatan na hinog na manga. Tagbati sija nan kagutom pagkakita nija sa manga. Ija taghinay-hinajan pagduyod pero	Pagiging sakim

		hinkuratan sija kay nagbantay si Awol sa hinog na manga. Laglaong si Awol na dili nija ihatag kan Uwak an manga kay ija pamahawon silom.	
--	--	--	--

Ipinapakita sa talahanayan 4.4.5 ang mga temang napapaloob sa mga pabula. Sa pagsusuri ng pabula, pipili rin ang mananaliksik ng pahayag na may temang napapaloob dito.

Sa pabulang *“Si Unggoy sanan si Buaja”* na may temang *“pagiging makasarili”* dahil tutulong lang si Buaya kay Matsing dahil mayroon siyang ibang layunin sa pagtulong. Nais ni Buaja na magtiwala sa kanya si Unggoy upang madali niya itong makain.

Sa pabulang *“Si Lawalawa sanan an Isog na Bujog”* na may temang *“walang paggalang sa kapwa at pagiging mapaghiganti”* dahil mismo si Bujog ay walang respeto sa mga taong nakapaligid sa kanya. Sa halip na humingi ng tawad, nagalit pa ito at nagmamalaki pa. at dahil sa masamang inasal ni Bujog, nagtanim ng galit si Lawalawa na humantong sa paghihiganti na naging mitsa ng buhay ni Bujog.

Sa pabulang *“An Uwak sanan an Awol”* na may temang *“pagiging sakim”* dahil hindi binigyan ni Awol si Uwak ng makakain kahit na ito’y gutom na gutom na hanggang sa umabot ito sa pag-aaway.

Sa tatlong pabulang nakalap ng mananaliksik puro negatibo ang mga temang napapaloob dito. Hindi ito nangangahulugan na ito ay nakasasama sa mga mambabasa kung hindi ito ay magsisilbing huwaran na hindi dapat gawin ang mga masasamang pag-uugali na ipinapakita sa pabula. Lahat ng pabula ay nagtataglay ng gintong aral kaya’t pahalagahan natin ito bilang bahagi ng ating tradisyon.

Talahanayan 4.4.6 Simbolismo ng Mito

Kuwentong – Bayan		Simbolismo	Kahulugan
M	Milagro nan Birhen Maria	Altar	Ito’y nangangahulugang matibay na pananampalataya sa Maykapal.
I	An Mahal na Birheng Maria	Rebulto	Matibay ang paniniwala.
T	Si Maria Immaculada	Pirata	Ibig sabihin mga taong maitim ang budhi.
O	Conception sanan si San Nicolas		
	Taggikanan nan Dinayhugan	hari	Ibig sabihing makapangyarihan sa lahat.

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.6 ang pagsusuri ng simbolismong nakapaloob sa mito. Ang bawat simbolismo ay binigyan ng kahulugan upang maunawaan ang ibig sabihin nito.

Sa mitong *“Milagro nan Birhen Maria”* na may simbolong *“altar”* na ibig sabihing matibay na pananampalataya sa Maykapal na makikita sa kuwento mismo ng tagatugon na siya ay sinaksak ng hindi nakikilalang lalake at siya ay tumakbo sa simbahan na duguan at nakarating siya sa altar na kung saan doonsiya nawalan ng malay na nakadapa at nang magising siya laking himala na walasiyang sugat ang naiwan na lang na ebidensya na siya ay sinaksak dahil may punit ang kanyang damit. Doon niya napagtanto na naghimala ang Mahal na Birheng Maria sa kanya at dahil sa pangyayaring iyon mas lalong tumibay ang kanyang pananampalataya hanggang ngayon sa kanyang edad na 79. Sa panahon ngayon, marami ang naniniwala sa mga milagrong ipinamalas ng Mahal na Birhen, sa katunayan, ngayong semana santa ay maraming pumupunta sa mga simbahan, mga debotong nagninilay-nilay at ang pinakatanyag na puntahan ng mga deboto ay ang Simala sa Cebu City kung saan doon nanalangin, nagpapasalamat at iba pang hiniling tulad ng magkaroon ng anak.

Sa mitong *“An Mahal na Birhen Maria”* na kakitaan ng simbolismong *“Rebulto”* na ibig sabihing walang buhay, walang pakiramdam dahil hindi totoo na ito’y pinaniniwalaan ng mag-asawang hindi naniniwala sa mga rebulto dahil ito’y gawa lang sa bato kaya hindi sila nakilahok sa prusisyon o mga gawaing may kinalaman sa rebultong Birheng Maria at naniniwala ang mga tao noon kaya namatay ang mag-asawa dahil hindi nila binigyan ng halaga ang Mahal na Birheng Maria. Kahit ano pa ang iyong relihiyon o paniniwala, maging dalisay at matibay ang iyong pananampalataya sa kanya, lahat ng hinihiling mo ay pakikinggan ng Pangioon.

Sa mitong *“Si Maria Immaculada Conception sanan si San Nicolas”* na may simbolismong *“pirata”* na ibig sabihing mga taong may maitim na budhi dahil noong unang panahon may isang napakatahimik na lugar sa Cantilan na sa isang iglap ginulo ng mga pirata upang sakupin ang nasabing lugar. Kinuha ang mga

babae at nilapastangan at kinulong sa kuta. Biglang naghimala ang dalawang santos at nailigtas ang nasabing lugar, bumalik ang tahimik na pamumuhay ng mga tao sa Cantilan. Bilang pasasalamat sa himalang natanggap, taon-taon nilang ipinagdiriwang ang kapistahan ng dalawang santos na siyang patuloy na nagbigay ng kasaganaan at kapayapaan ng kanilang lugar.

Sa mitong “*Taggikanan nan Dinayhogan*” na may simbolismong “hari” na ibig sabihing siya ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Nais niyang magkaroon ng isang matapat na kabiyak sa puso ang nag-iisa niyang anak na si Dinay, kaya’t ang lahat na manliligaw nito ay dumaan sa pagsubok upang mapatunayan ng hari kung sino ang tunay na umibig sa kanyang anak. Sa mitong “Kapun-an nan lambog” na may simbolismong “puti na baro” na ibig sabihing may dalisay na puso bagamat natakot ang mag-ama dahil bihira lang na makakita ng babaeng nadamit ng puti at hanggang talampakan ang haba ng damit na walang mukha at biglang pumasok sa puno ng lambog at biglang naglaho. Hindi nanakit ang naturang babae dahil may dalisay siyang puso.

Sa mga mitong nakalap ng mananaliksik, pumaibabaw ang simbolismong nagpapahayag ng matibay na pananampalataya at paniniwala sa mga milagrong nagaganap basta’t may matibay na pananalig sa Panginoon na hanggang ngayon mapapatunayan nating mga Pilipino ang pagkamadasalin, pagsamba sa mga santos at pagdalo ng mga prusisyon, pag-aayuno sa panahon ng semana santa, pagdeboto ng mga santos at iba pang mga paniniwala.

Talahanayan 4.4.7 Simbolismo ng Kuwentong Kababalaghan

	Kuwentong-bayan	Simbolismo	Kahulugan
K U W E N T O N G K A B A B A L A G H A N	Tagbaliw	Ginto	Ibig sabihin na pagkakaroon ng magandang buhay kung magkakaroon ng kayamanan.
	An Buyawan na kampana	Ahas	Ibig sabihing kamatayan at kataksilan
	Ginoong Follow the Leader	Simbahan	Bahay dalanginan at takbuhan sa mga taong may malaking suliranin sa buhay.
	An Kapun-an nan Lambog	Puting damit	Ito ay nangangahulugang dalisay ang kalooban
	An Inkganto	Barko	Ibig sabihing sasakyang pandagat
	Ayok sa Panikin	Baboy	Ibig sabihing salaula, matakaw at tamad
	An kabayo	Bato	Nangangahulugang matigas ang puso
	Santilmo	Apoy	Ibig sabihing matapang
	An Inkganto sa Malitangtang	Tagaktak ang pawis	Ibig sabihing nanginginig sa takot, sa hiya at sa nerbiyos
	Malitangtang	Paraiso	Nangangahulugang mariwsang pamumuhay, napakasaya.
	An Inkgantosa Pier nan Consuelo	Daungan	Destinasyon ng mga manlalakbay
	An Baboy na Wakwak	Apoy	Ibig sabihing may masidhing damdamin nag-aalab na puso.
	An ajam ni iyo Martino	Alaga	Ibig sabihing matalik na kaibigan
An Sigbin sa Suba nan Carac-an	Sigbin	Nangangahulugang mabangis, nakakatakot at mapangnib	

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.7 ang mga simbolismong napapaloob sa mga kuwentong kababalaghan. Pipili ang mananaliksik ng mga pahayag o mga bagay na nagrepresenta ng simbolismo. Bibigyan ito ng angkop na kahulugan

Sa kuwentong kababalaghang “*Tagbaliw*” nakitaan ito ng simbolismong “ginto” na ibig sabihing pagkakaroon ng magandang buhay kung mayroon kang kayamanan kaya maraming nag-aakalang ang taong nakadikit sa bato ay may gintong nakaukit kaya marami ang naghahangad na durugin ang batong iyon.

Sa mitong *“An Buyawan na Kampana”* na may simbolismong “ahas” na nangangahulugang sakim at kamatayan dahil may mga taong sakim sa kanyang kapwa tulad noong unang panahon na may nabalitaang may kampanang ginto sa loob ng yungib, marami ang naghahangad na makuha ngunit hindi na ito nakabalik dahil may nagbantay na isang malaking ahas.

Sa kuwentong kababalaghang *“Kapun-an nan lambog”* na may simbolismong “puti na baro” na ibig sabihing may dalisay na puso bagamat natakot ang mag-ama dahil bihira lang na makakita ng babaeng nadamit ng puti at hanggang talampakan ang haba ng damit na walang mukha at biglang pumasok sa puso ng lambog at biglang naglaho. Hindi nanakit ang naturang babae dahil may dalisay siyang puso.

Sa kuwentong kababalaghan na pinamagatang *“An Inkantato”* na may simbolismong “barko” na ibig sabihin sasakyan ng mga engkanto patungo sa kanilang tirahan. Ayon sa mga naninirahan sa lugar na iyon, gabi-gabi nakarinig sila ng mga tinig na parang nasasaya, at napakaingay. Ang lugar naiyon ay karugtong sa lugar ng Malitangtang na siyang daanan na siyang nagging tulay papunta sa kanilang tirahan.

Sa kuwentong kababalaghang *“Ayok sa Panikian”* na may simbolong “baboy” na ibig sabihing matakaw, salaula at nagbabalatkayong ugali. Sa kuwentong ito may piniwalaang aswang na nag-aanyong baboy, pusa at iba pang mga hayop na kinatatakutan ng mga tao noon. Ibinalita sa ABS-CBN News na itinampok sa Magandang Gabi Bayan ni Noli de Castro noong Oktubre 31, 2014 namay manananggal o aswang ang gumagala sa Lacerda, Kalibo, Aklan. Alas 7 ng gabi noong 1997, may nakita silang dalawang babaeng nakaputi ng mahaba ang lumilipad at binato ito ng mga lalake.

Sa kuwentong kababalaghang *“An Kabayo”* na may simbolismong “bato” na ibig sabihing matigas na puso. Dahil sa isang taong nakasakay ng kabayo noon na tinamaan ng kidlat at dumikit sa bato. Sa kuwentong kababalaghang *“Santilmo”* na may simbolismong “suga” na ibig sabihing maliwanag ang kinabukasan. Kuwentong kababalaghan ito dahil may mag-amang nakakita ng parang bolang apoy na pormang tao ngunit walang ulo na lumaki at pormang payong na kapag umulan mas lalong dumami at kumalat.

Sa kuwentong kababalaghang *“An Inkantato sa Malitangtang”* na may simbolismong “taghuyasan nan bagan kimono ka lagko” na ibig sabihing nanginging sa takot, at butil-butit ang pawis na nadama. Sa nangyari sa bunsong anak na babae ni nanay Pepay na butil-butit ang pawis at nangingisay na wala naming sakit ayon sa mga doctor at bigla na lang itong namatay dahil kinuha ng mga engkanto.

Sa kuwentong kababalaghang *“Malitangtang”* na may simbolong “barko” na ibig sabihing sementeryo dahil ayon sa matatanda may barkong nalunod noong unang panahon at maraming namatay na mga tao sa loob ng barko. Ayon pa rin sa mga matatanda, maraming kababalaghan ang nangyari sa lugar na iyon dahil nakarinig sila ng ga kahindik-hindik na iyakan, maraming mga nanirahang engkanto, aswang, masamang espiritu, duwende, kapre at iba pa. Sabi ng albularyo, pugad daw ito ng mga engkanto at walang sinuman ang manguha ng mga bagay na galing sa Malitangtang.

Sa kuwentong kababalaghang *“An Inkantato sa Pier nan Consuelo”* na may simbolismong “pier” na ibig sabihing malawak, maaliwalas at masagana. Tulad ng pier na matatagpuan sa Consuelo na punung-puno ng kababalaghan dahil napakalago ng mga kakahuyan at punung-puno ng misteryo na siyang dahilan sa pagkamatay ng isang dalagang galing sa pier.

Ang kuwentong kababalaghang *“An Baboy na Wakwak”* na may simbolismong “kyajo at tambang” na ibig sabihing may masidhing damdamin at nag-aalab na puso sa kyajo at may matigas na puso, at matibay ang loob sa simbolismong tambang. Ito’y nangyari noon ng saksakin ni tatay Toloy gamit ang tambang at ito’y idinarang niya sa apoy upang hindi gagaling ang sugat ng aswang at ito ay kanyang ikinamatay. Tampok pa rin sa Jessie Soho noong April 14, 2019 na may aswang sa San Jose sa Rodriguez, Rizal na may umatake na aswang. Nakita nila ang aswang na nag-aanyong aso. Napatunayan sa mga balita na hanggang ngayon ay may gumagala pa ring mga masasamang espiritu sa ating paligid. Dapat tibayan pa ang pananalig sa Panginoon upang hindi tayo magagapi sa mga masasama.

Ang kuwentong kababalaghang *“An Ajam ni Iyo Martino”* na may simbolismong “ajam” na ibig sabihing matalik na kaibigang maaasahan at lagging nagdadamay. Ang mga alagang hayop noon ni iyo Martino ay tinawag na ajam na siyang nagbantay sa mga pananim at sa bahay ni iyo Martino lalo na kapag walang tao sa kanilang bahay. Tulad sa nangyari sa isang bata na kinuha ang tanim na tubo at kinain niya na siyang sanhi ng muntik na ikinamatay ng bata.

Ang huling kuwentong kababalaghan ay ang *“An Sigbin sa Suba nan Carac-an”* na may simbolismong “Sigbin” na ibig sabihing mapanganib, mabagsik at nakakatakot. Noong unang panahon may kakaibang hayop ang gumala sa ilog ng Carac-an na anyong torso, walang mukha at patiwari kung lumakad at ito’y mapanganib sa mga taong nangisda sa gabi.

Sa mga nabanggit na mga kuwentong kababalaghan, nagtataglay ito ng simbolismong nagpapakahulugang likas sa mga tao noon ang naniniwala sa kababalaghan. Salungat naman sa panahon ngayon na ang mga kabataan ay hindi naniniwala ng mga kababalaghan dahil hindi ito pinag-aralan ng siyensiya bagkus ito ay bunga lamang ng malikot na guniguni ng mga tao ngayon.

Talahanayan 4.4.8

Simbolismo ng mga Alamat

Kuwentong-bayan	Pamagat	Simbolismo	Kahulugan
A	Taggikanan nan Panikian	paniki	Ibig sabihin may matalas na pakiramdam at paningin
L	Taggikanan nan Cantilan Bersyon 1	asin	Ibig sabihing inspirasyon ng lahat
A	Taggikanan ng Cantilan Bersyon 2	dalaga	Mahinhin, kaakit-akit
M	Taggikanan nan Linibunan	ilog	Tahimik ngunit sa mapanganib
A			
T			

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.8 ang simbolismong napapaloob sa mga alamat na nalikom ng mananaliksik.

Sa alamat na pinamagatang "*Taggikanan ng Panikian*" na may simbolismong "Paniki" na ito'y nangangahulugang may matalas na pakiramdam at paningin. Ito'y masisilip natin sa kuwento na ang pangalang Panikian ay nagmula sa napakaraming paniki na naninirahan sa nasabing lugar kaya ito'y pinangalanan na Panikian.

Sa alamat na "*Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 1)*" na may simbolong "asin" na ibig sabihing nagbibigay ng inspirasyon sa lahat ng naninirahan sa kanilang lugar. Kundi dahil sa isang babaeng pinangalan na Tilang na tagaluto ng asin na siyang pangunahing sangkap sa kanilang pagkain, hindi makakain ng masarap ang mga tao noon sa kanilang lugar. Kaya pinasalamatan nila si Tilang.

Sa pangalawang bersyon ng alamat na "*Taggikanan nan Cantilan*" na may simbolismong "dyaga" na ibig sabihing kaakit-akit, mahinhin at maganda. Kinababaliwan ang isang dalagang napakaganda sa kanilang lugar at lahat na mga kalalakhian ay naaakit sa kanya kahit sa ibang lugar tanyag ang angkin niyang kagandahan.

Ang alamat ng "*Taggikanan ng Linibunan*" na may simbolismong "suba" na ibig sabihing malawak at mapanganib. Noon, may isang barangay sa Madrid na puro ilog lang walang lupa kaya nag-isip ang mga tao ng paraan upang magkaroon sila ng matitirhan. Nagtutulungan silang matabunan ng lupa ang suba upang magkaroon sila ng tirahan.

Ang mga alamat na nabanggit ay sumisimbolo sa kanilang pamumuhay kung ano ang pinagmulan ng kanilang bayan at dito pinagbabasihan kung ano ang pag-uugali ng mga taong nakatira sa nasabing lugar. Halimbawa sa isang barangay ng Tandag na may pangalang alingit, halos lahat ng mga taong nakatira roon ay masusungit dahil iyon ang kanilang pinagmulan ng kanilang barangay.

Talahanayan 4.4.8

Simbolismo ng Pabula

Kuwentong-bayan	Pamagat	Simbolismo	Kahulugan
P	Si Unggoy sanan si Buaja	buaya	Pagiging sakim at mapagsamantala
A	Si Lawalawa sanan an Isog na si Bujog	bubuyog	Pasaway, walang respeto sa kapwa
B	An Uwak san an Awol	Hinog na mangga	Ibig sabihing ginto
U			
L			
A			

Sa pagsusuri ng simbolismong nakapaloob sa pabula, pipili ang mananaliksik ng mga bahagi o mga salita na nagpapahiwatig ng simbolismo. Bibigyan din ito ng katuturan upang malaman kung ano ang ibig sabihin nito.

Inilalahad sa talahanayan 3.4 ang mga simbolismong matatagpuan sa mga pabula.

Sa pabulang "*Si Unggoy sanan Si Buaja*" na may simbolismong "Buaja" na ibig sabihing sakim, mapagsamantala, at di dapat pagkatiwalaan. Tulad ng ugali ni Buaja na siya ay tumulong kay Unggoy na hindi bukal sa loob dahil mayroon siyang ibang layunin o may sariling interes. Hindi dapat pagkatiwalaan ang ganitong pag-uugali.

Sa pabulang “*Si Lawalawa sanan si Bujog*” na may simbolismong “Pasaway at walang respeto sa kapwa” na ibig sabihing may masamang sa tulad ni Bujog na hindi man lang ginalang ang mga taong nakapaligid sa kanya. Hindi niya binigyan ng halaga ang damdamin ng iba, kung ano ang gusto niya, gagawin niya wala siyang pakialam kung mayroong masasaktan o masasagasaan.

Ang pabulang “*An Uwak sanan an Awol*” na may simbolismong “Hinog na Mangga” na ibig sabihing ginto. Para kay Uwak gintong maituturing niya sa isang manggang hinog dahil sa matinding gutom na kanyang naramdaman na

hindi niya ito nakamtam dahil pinagkait ito sa kanya ni Awol.

Ang mga pabula ay naghahatid sa atin ng gintong aral bagamat ito ay kwentong ang mga tauhan ay mga hayop, marami pa ring mapupulot ang mga mambabasa ngayon.

Talahanayan 4.4.9 Kultural na Implikasyon ng Mito

Kuwentong – bayan	Piling Pahayag	Kultural na Implikasyon	
M I T O	An Milagro nan Birhen Maria	Mismo gajod si iyo Emedio an nakakita nan milagro nan Birhen Maria kay tagbuno sija sa tijan pero way samad kay minkadto sija sa simbahan minsaub sija sa altar , pagtan-aw nija wayay ija samad.	Matibay talaga ang paniniwala ng mga Pilipino sa mga milagrong nagaganap sa kanilang buhay
	An Mahal na Birheng Maria	An mga tawo sa una na panahon kay may hugot na pag-ampo ug pagdayeg sa Mahal na Birhen Maria. Kada Mayo magselebrar sila nan kapistahan agi pasalamat sa mga grasya na ila nadawat. Ila iprusisyon an Birhen libot sa tibuok lugar. Tinuuhan nan mga tawo na an sin-uman na dili moiban, mosilib man lam sa prusisyon na hikit-an an Birhen, may sakit na moabot sa ila pamilya.	Matibay talaga ang paniniwala ng mga Pilipino sa mga milagrong nagaganap sa kanilang buhay
	Si Maria Immaculada Conception sanan si San Nicolas	Sa una na panahon, waya pay ngayan nan barangay Embarkadero, an mga tawo nagtuo na an sila ni Maria Imaculada Conception sanan si San Nicolas magmilagro Ini na lugar grabe gajod ka linaw way gubot na naghuya an mga tawo dinhi.	Matibay talaga ang paniniwala ng mga Pilipino sa mga milagrong nagaganap sa kanilang buhay
	An Taggikanan nan Dinayhogan	Kun sin-o jadton gusto mangasawa kan Dinay o nahigugma kan Dinay kinahanglan moagi nan pagsuyay para mapamatud-an an gugma nija kan Dinay idayhog sija sa ilayom nan langub na magbaybag-baybag sa ilayom kun sin-oy makagawas sa langub tunuud an ija gugma kan Dinay.	Likas sa mga Pilipino ang susuungin ang panganib mapatunayan lang ang tunay na pag-ibig.

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.9 ang pagsusuri ng mga kuwentong-bayan tulad ng mito,

Ang mitong *"Milagro nan Birhen Maria"* na may kulturang implikasyong "matibay talaga ang paniniwala ng mga Pilipino sa mga milagrang nagaganap sa kanilang buhay". Ito'y napatunayan sa mismong salaysay ni Mang Emedio na dahil sa himala at tulong ng Mahal na Birhen nakaligtas siya sa tiyak na kamatayan dahil biglang nawala ang sugat mula sa saksak sa kanyang tiyan.

Ang mitong *"An Mahal na Birheng Maria"* na may kulturang implikasyong "may mga taong hihina o mawawalan ng pananampalataya sa Panginoon kung may darating na problema". Ito'y nangyari dahil may mag-asawang hindi naniniwala sa Mahal na Birheng Maria na ipinagdiwang noon ng mga tao.

Ang mitong *"Si Maria Immaculada Conception"* sanan si San Nicolas na may kulturang implikasyon na "May mga taong mapagsamantala sa karapatang ibinigay sa kanila" tulad sa mtong ito na ang dating tahimik na lugar ay napalitan ng kaguluhan dahil s pagdating ng mga bandidong magnannagsasamantala sa mga kababaihan. Dinukot nila ang mga babae at ginawang laruan hanggang sa dumating ang himalang dala nina Santa Maria Immaculada

Conception at si San Nicolas nailiggtas ang buong lugar at bumalik ang dating tahimik na lugar.

Ang mga nasabing paghihimala ng mga Birhen ay pinatunayan noon sa TV Patrol sa ABS-CBN, tampok ang balitang bumalik muli sa Pilipinas ang Milagrosong imahen ng Birhen mula Portugal noong Pebrero 22, 2015 na sinasabing mapaghimala. Ililibot ang Birhen sa iba't ibang simbahan hanggang Marso.

Ang mitong *"Taggikanan ng Dinayhugan"* na may kultural na implikasyong "Likas sa mga Pilipino ang susuungin ang lahat ng panganib mapatunayan lang ang tunay na pag-ibig". Ito'y makikita sa pahayag nna kung sino ang magkagusto at maging asawa si Dinay ay dadaan muna sa isang pagsubok na ihulog sa loob ng malalim at madilim na yungib. Kung sinuman ang makaabot o makalbas ng buhay, siya ang tunay na umiibig kay Dinay at busilak ang kanyang puso.

Ang kultural na implikasyong nakapaloob sa apat (4) na mito ay nakasentro sa pananampalataya ang mga tao noon. Namana natin ang napakagandang kultura na nagmula sa ating mga ninuno. Mapapatunayan natin sa mga iba't ibang pagsamba, sa Panginoon tayo huhugot ng pag-asa at lakas sa lahat ng mga kalamidad na ating dinanas. Kahit napakalayo ng mga deboto lalo na sa sto. Nino, Black Nazareno hindi alintana ang pagod matupad lang ang panata.

akaw at nagsasamantala sa mga kababaihan. Dinukot nila ang mga babae at ginawang laruan hanggang sa dumating ang himalang dala nina Santa Maria Immaculada

Conception at si San Nicolas nailiggtas ang buong lugar at bumalik ang dating tahimik na lugar.

Ang mga nasabing paghihimala ng mga Birhen ay pinatunayan noon sa TV Patrol sa ABS-CBN, tampok ang balitang bumalik muli sa Pilipinas ang Milagrosong imahen ng Birhen mula Portugal noong Pebrero 22, 2015 na sinasabing mapaghimala. Ililibot ang Birhen sa iba't ibang simbahan hanggang Marso.

Ang mitong *"Taggikanan ng Dinayhugan"* na may kultural na implikasyong "Likas sa mga Pilipino ang susuungin ang lahat ng panganib mapatunayan lang ang tunay na pag-ibig". Ito'y makikita sa pahayag nna kung sino ang magkagusto at maging asawa si Dinay ay dadaan muna sa isang pagsubok na ihulog sa loob ng malalim at madilim na yungib. Kung sinuman ang makaabot o makalbas ng buhay, siya ang tunay na umiibig kay Dinay at busilak ang kanyang puso.

Ang kultural na implikasyong nakapaloob sa apat (4) na mito ay nakasentro sa pananampalataya ang mga tao noon. Namana natin ang napakagandang kultura na nagmula sa ating mga ninuno. Mapapatunayan natin sa mga iba't ibang pagsamba, sa Panginoon tayo huhugot ng pag-asa at lakas sa lahat ng mga kalamidad na ating dinanas. Kahit napakalayo ng mga deboto lalo na sa sto. Nino, Black Nazareno hindi alintana ang pagod matupad lang ang panata.

Talahanayan 4.4.10 Kultural na Implikasyon ng mga Kuwentong kababalaghan

Kuwentong-bayan		Piling Pahayag	Kultural na Implikasyon
K U W E N	Tagbaliw (ba.liw)	May isa ka tawo noduot sa suba na naghubo nagdyagan-dyagan sa kakahujan minkalit paglinti hampan taglintian mimpikit sa bato.	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan
	An Buyawan na Kampana	An Buyawan na Kampana Hamok an gusto na makakuha nan	Likas sa mga Pilipino na gagawin ang lahat para sa

T O N G K A B A B A L A G H A N		kampana na buyawan sa suyod nan langub pero dili nila makuha kay an kampana taglibutan nan dako na hayas	ikagaganda ng kanilang buhay.
	Ginoong Follow the Leader	An ini na balaod kun unoy ilaong o isugo nan mga tiguyang o ila mga panguyo kay amoy sundon nan ila mga sakop. An permi himoon nan mga tiguyang sauna kay kababujan sa suyod nan simbahan	May mga taong umaabuso sa kanilang kapangyarihan
	An Inkganto	Aja ra kahuyog , nalumaos sa suba mapatay sanan masakit kay taghilantan nan dili jaon parehas sa at okay tagguba nila an ila huy-anan, may makadungog na mga boses na amora nagbibo arang kabujong sila.	Pagpapahalaga sa kalikasan
	An Ayok sa Panikian	May naghikog sa karaan na bayay natingaya sila kay nagdalit ra an siki sa sayog, ayok baja jado.	Maraming mga tao ang naniniwala pa rin sa mga kuwentong katatakutan
	An Kabayo	May tagbaliw na tawo nagsakay na kabayo taglintian mimpikit sa dako na bato. Pag-abot nan panahon ni Mongmong ila tagbaklas jadton bato kay pagtoo nila na buyawan isab an didto , naghagdan-hagdan sila. Pagkabuslot na jadton baton a amora kabayo nolinti, paglinti koman nangahuyog sila. An suyod baja nan jado mga bato ra isab.	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan
	Santilmo	Didto sa Consuelo may isa ka panahon na nanuyo sila ni Anhing Nonoy sanan an ija bata, atbang gajod sa ila bayay,	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan.

		nakakita sila nan santilmo. May suga sa tumoy nan kan bagis na minsirit dajon an suga sa taas, minbukad an kyajo amo ra nan pajong.	
	An Inkganto sa Malitangtang	May isa ka dako na tawo hampan dili klaro an wayong an mimbisita kan Nanay Pepay sa ila bayay na naglaong na ija paliton an ija bata nan isa ka sako na buyawan. Waya mosugot si nanay pepay ugsa natungaya sija kay an ija bata na lyake nasunog an lawas na wayay kyajo sanan waya masunog an baru.	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan.
	Malitangtang	Hikit-an sa lungsod nan Cantilan ini is aka bukid na punu nan nagkalain-lain na lagku na kahoy sanan lagku na mga bato. Sa pinakatunga sanan sa pinakkataas nan bukid makit-an an pinakadaku na Nunuk. Bagan paraiso kunu kun sudlun ini na lugar kay jauy hikit-an na kaliguan sa suyod.	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kalaghan
	An Inkganto sa Pier nan Malitangtang	Naglaong an manyambay nna tagkuha si Godella nan ingkanto bajad sa ila pagbujong-bujong . Pagkaduyom, nagdamgo an ija nanay na makamata si Godella kun lukaton nila nan isa ka milyon ka pesos.	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan
	An Baboy na Wakwak	Pagkanaog ni tatay Toloy sa karabaw mindasmag dajon sa ija an dako sanan naglaga-laga an mata nan baboy. Marajaw gani kay nakabantay	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan

		sija, ija dajon tagbuno nan tambang. Naigo sa may abaga an baboy na kalit na nawaya kay wawkak baja jadto.	
An Ajam ni Iyo Martino		Si iyo Martino isa ka manyambay sa amo lugar. Hamok ija mga binuhi na mananap na an tawag mga ajam. Wayay mokuha sa ija mga butang, mga tanom bisan wayay taw okay mahadlok sa ija mga ajam. May bata na nanguha nan ija tubo , tagkaon pagkahuman minsakit an tijan sanan nagsuka kalibang hapit mapatay marajaw gani kay tagtambajan ni iyo Martino sanan tagpasaylo.	Likas sa mga Pilipino ang mapagmahal sa mga alagang hayop at higit sa lahat ang pagpapatawad na bukal sa loob.
Malitangtang		Hikit-an sa lungsod nan Cantilan ini is aka bukid na punu nan nagkalain-lain na lagku na kahoy sanan lagku na mga bato. Sa pinakatunga sanan sa pinakkataas nan bukid makit-an an pinakadaku na Nunuk. Bagan paraiso kunu kun sudlun ini na lugar kay jauy hikit-an na kaliguan sa suyod.	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan
An Sigbin sa Suba nan Carac-an		Si Pilot nanuyo sa dako na suba sa Carac-an na ija ra. Tagbati sija nan kahadlok kay baga may nagtan-aw sa ija. Natingaya sija kay may batang sa ija likod na kun mapanaw sija, muduyog isab an batang. Hangtod na min-apiki sa ija an batang na nahimo nan isa ka mananap na way wayong	Mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan

		sanang nagpanaw na natuwad. Nahdlok pagdajaw si Pilot kay sigbin an min-atang sa ija.	
--	--	---	--

Sa pagsusuri ng kultural na implikasyon sa mga kuwentong kababalaghan, pipili pa rin ang mananaliksik sa mga bahagi o pahayag na kakikitaan ng mga kultura ang nasabing mga kuwento.

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.10 ang mga kultural na implikasyong nakaolob sa mga kuwentong kababalaghang nakalap ng mananaliksik.

Ang kuwentong Kababalaghang *“Tagbaliw”* na ang kultural na implikasyon ay ang “mahilig maniniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan” tulad ng nangyari sa taong hubad na tinamaan ng kidlat. Talagang kababalaghan ang kuwentong ito dahil sa dumikit ang tao sa malaking bato.

Ang kuwentong kababalaghang *“An Buyawan na Kampana”* na ang kultural na implikasyong nakapaloob ay “Likas sa mga Pilipino na gagawin ang lahat para sa ikagaganda ng kanilang buhay”. Dahil lahat ng mga tao noon ay gusting makuha ang kampanang ginto para sa maganda nilang bukas kaso lang bawat papasok sa yungib hindi makabalik ng buhay dahil ayon sa mga tagaroon may nagbabantay na isang malaking ahas.

Ang kuwentong kababalaghang *“Ginoong Follow the Leader”* na may kultural na implikasyong “may mga taong umaabuso sa kanilang kapangyarihan” tulad ng nangyari noong panahon ng hapon na may batas na sinunod ng mga tao. Kung ano ang sasabihin ng kanilang pinuno iyon ang kanilang susundin kahit ito’y kalaswaan at ito ay ginawa mismo sa loob ng simbahan. walang nagawa ang nasasakupan kundi sundin ang inutos ng kanilang pinuno kaya’t pinarusahan sila ng Panginoon sa pamamagitan ng isang malaking alon at tinunaw ang buong lugar. Sa panahon ngayon may mga taong nasa katungkulan ang umaabuso at nagsasamantala sa mga mahihirap. Ang kaugaliang ito ay hindi maituturing na kultura ng mga Pilipino kundi ipinakita lang dito ang iba’t ibang pag-uugali ng mga tao. Hindi lahat ng mga tao ay mabubuti at lalong hindi lahatng mga tao ay masasama.

Sa kuwentong kababalaghang *“Kapun-an nan Lambog”* na may kultural na implikasyong “mahilig maniniwala ang karamihann sa mga kuwentong kababalaghan” dahil sa isang babaeng nakasuot ng puting damit na mahaba, walang mukha at pumasok sa loob ng punong lambog at biglang naglaho na parang bula.

Sa kuwentong kababalaghang *“An Inkganto”* na may kultural na implikasyong “Pagpapahalaga sa kalikasan”. Mapapatunayan sa kuwentong ito dahil sa pagsira ng tao sa tinitirhan ng mga engkanto, nagulo ang kanilang tahimik na pamumuhay kaya binulabog ng mga masasamang elemento ang buong bayan dahil wala na silang matitirhan. Ito ring ang nangyayari sa kasalukuyang panahon, nababasa at napanood natin sa iba’t ibang balita ang pagkakasira na ng ating kalikasan kaya maraming mga kalamidad na ang naranasan ng mga tao ngayon at maraming nagbuwis ng buhay dahil sap ag-aabuso natin sa ating kapaligiran.

Sa kuwentong kababalaghang *“Ayok sa Panikian”* na may kultural na implikasyong “maraming mga tao ang naniniwala pa rin sa mga kuwentong katatakutan” na matutunghayan natin sa isang lumang bahay na may isang babaeng nagpitiwakal ngunit naksayad sa sahig ang kanyang mga paa. Napag-alaman na siya pala ang pinakatanyag na aswang sa Panikian.

Sa kuwentong kababalaghang *“An Kabayo”* na may kultural na implikasyong “mahilig pa rin ang mga tao sa paniniwala ng mga kuwentong kababalaghan”. Matutunghayan ito sa isang taong nakasakay ng kabayo na tinamaan ng kidlat at dumikit sa bato at ang bato ay dinurog ng mga tao sa pag-aakalang may ginto sa loob nito. Ginawa nila ang kanilang sarili ng hagdan upang madurog nila ang bato hanggang sa silang lahat ay nahulog at hindi na nakita pa.

Sa kuwentong kababalaghang *“Santilmo”* na may kultural na implikasyong ‘mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan’ dahil sa bihira ka lang makakita ng parang bolang apoy na biglang pamaibabaw ang liwanag na parang kasinglaki ng payong ay bubulusok at hugis tao ang apoy na iyon at walang mukha. Tiyak na titindig talaga ang iyong mga balahibo kapag makasalubong ka ng ganoong liwanag.

Ang kuwentong kababalaghang *“An Inkganto”* sa Malitangtang” na may kultural na implikasyong “mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan”. Ito’y karanasan mismo ni nanay Pepay na ang kanyang anak na lalake ay gusting bilhin ng engkanto sa halagang isang sakong ginto. Nang hindi pumayag ang matanda, sinunog niya ang bata na walang apoy na makita at ang damit ay hindi nasunog ang katawan lang ng bata na namipit sa sakit. Hindi pa nakuntento ang engkanto, ang buso niyang anak na babae limang taong gulang ang kinuha ng engkanto. Namatay ang bata na walang sakit, nangingisay at butil-butit ang pawis. Sa pagkamatay ng kanyang bunsong anak, biglang naglaho ang mga lapnos ng kanyang anak na lalake at doon napagtanto ni nanay Pepay na ang kanyang bunsong anak ang kinuha ng mga engkanto.

Sa kuwentong kababalaghang *“Malitangtang”* na may kultural na implikasyong “likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan” dahil sa lungsod ng Cantilan may isang bundok na punung-puno ng

iba't ibang uri ng kahoy at malalaking bato. Sa gitna at pinakamataas na bundok, makikita ang nunuk. Parang paraiso ito sa loob at mayroon itong napakagandang paliguan. Hugis barko ang hitsura ng bundok. Ayon sa kuwento, may nalunod daw na barko noong unang panahon at ang barkong ito naging isang napakagandang bundok na tinitirhan ng mga engkanto.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Inkganto sa Pier nan Consuelo*" na may kultural na implikasyong "mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan" kung saan ang pangunahing tauhan sa kuwento na si Godella ay kinuha ng engkanto dahil sa pag-iingay nila sa pier noong panahon ng mahal na araw. Namatay si Godella pag-uli niya mula sa kasayahan kasama ang kanyang mga barkada. Ayon albularyo, pinarusahan sila ng engkanto dahil sa wala silang respeto sa pamamahinga ng mga ito tanghaling tapat at si Godella ang napusuang kunin ng mga engkanto.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Baboy na Wakwak*" na may kultural na implikasyong "mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan" na matutunghayan sa kuwentong ito kung saan sinalakay si tatay Toloy ng isang aswang na nag-ala baboy na nanlilisik ang mga mata. Sinaksak ni Tatay toloy ng tambang (isang matulis na bakal) ang baboy at idinarang niya ito sa apoy na siyang dahilan sa pagkamatay ng isang babaeng pinaghinalang aswang.

Ang kuwentong kababalaghang "*An mga Ajam ni Iyo Martino*" na may kultural na implikasyong "likas sa mga Pilipino ang mapagmahal sa mga alagang hayop at higit sa lahat ang pagpapatawad na bukal sa loob". Matutunghayan sa kuwentong ito ang ginawang pagpapatawad ni iyo Martino sa batang kumuha ng kanyang pananim. May mga alagang hayop siya na nagbabantay sa kanyang mga kasangkapan sa bahay at mga pananim dahil palaging wala siya sa bahay at maraming magnanakaw ng kanyang mga gamit. Hindi rin siya nagdalawang-isip na tulungan ang bata para maligtay sa tiyak na kamatayan.

Ang kuwentong kababalaghang "*An Sigbin sa Suba nan Consuelo*" na may kultural na implikasyong "likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kuwentong kababalaghan", ito'y matutunghayan sa pangunahing tauhan ng kuwentong ito. Isang gabing nangisada siya sa ilog ng Carac-an gamit ang petromax, bigla siyang nakadama na may nagmamasid sa kanya at napansin niyang medyo malayo na siya sa kanyang dinaanan. Umaahon siya sa ilog nang may nakita siyang isang malaking troso na tila sumunod sa kanya. Nang ningunin niya ito, bigla itong lumakad papalapit sa kanya na parang isang hayop na punung-puno ng balahibo ang buong katawan at patiwari kung lumakad. Napagtanto niya na ang hayop na papalapit sa kanya ay isang sigbin na kinatakutan ng marami sa lugar na iyon. Noong Agosto 20, 2018 may gumagalang sigbin sa Kauswagan, Cagayan de Oro na iniulat sa Kapuso Mo Jessica Soho. Ayon sa nakasaksi, ang hitsura ng sigbin ay kahawig daw ng kambing. Malaki ang tenga, nakatuwad kung lumakad at natabunan ang mukha sa makapal nitong balahibo at sumisipsip ng dugo. Halos maubos ang mga alagang hayop ng isang nakasaksi at napatunayan niyang sigbin ang dumali sa kanyang mga hayop.

Ang kultural na implikasyon sa mga kuwentong kababalaghan ay nakapokus lahat sa mga paniniwala ng mga tao noon sa mga kababalaghang nangyayari sa paligid lalo nang wala pang modernong kagamitan noon at masukal pa ang mga kagubatan na kung saan naninirahan ang mga iba't ibang elemento. Sa panahon ngayon, bihira na lang ang madaling naniniwala sa mga kababalaghan dahil sa mga bagong teknolohiya at nasira na ang kagubatan dulot sa pag-usbong ng ekonomiya. Kung mayroon mang kababalaghang nangyayari ngayon, ito ay hindi gawa ng masasamang elemento kundi gawa ng mga taong nalululong sa masasamang bisyo na hatid ng nasabing pagbabago.

Talahanayan 4.4.11

Kultural na Implikasyon ng Alamat

Kuwentong-bayan		Piling Pahayag	Kultural na Implikasyon
A L A M	Taggikanan nan Panikian	Nan panahon nan mga Amerikano, nagsurvey sila nan mga mineral, iron deposits, kay hawag na bukid sanan kakahujan pa in na lugar hangtod nangutana an Amerikano kun uno jaon na mga langgam kahamokers. Laong nan giya na paniki.	Likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan.
	Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 1	Jadto si Tilang, an sistema kuno magluto nan asin jaoy ibuyad sa amo ra nan	Nakasanayan ng mga Cantilangnun na maghanap ng

A T		pispan-pispan ajara pahubsi. An isa isab na asin aja gajod lutua sa dako na kawa paghungaw nan jaon mahimo nan asin an tubig. Pagkamulusong na jadton mga orihinal na tawo dire sa Cantilan kay mosuba na isab magpalit nan asin.	paraan upang makagawa ng mga pampasarap ng pagkain.
	Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 2	Sa una na panahon, jaoy is aka gwapa na dyaga na tagnganlan na si “Tilang”. Sa ija ka gwapa, dabo na mga ulitawo sa mga nagkalain-lain na lugar an nayujag sa ija. Tanan sila gusto na maasawa si Tilang.	Maraming mahuhumaling sa taglay na kagandahan ng isang tao . Minsan ang panlabas na kaanyuan ang pinagbabatayan sa pagpili ng makakasama sa buhay.
	Taggikanan nan Linibunan	Sa una na panahon may isa ka lugar sa Madrid na way hikit-an na lupa, kahoy kundi puro suba lamang. Nagkabirot an mga tawo kun hain sila maghuya. Nagkasinabot sila na tabangan nila paglibun an suba nan lupa para kahuy-an. Tungud sa ila pagtinabangay, nalibunan an suba waya nay tubig ugsa ila na dajon taghimoan nan ila mga bayay.	Kultura ng mga Surigaonon na magtulungan para sa kapakanan ng lahat. Walang kanya-kanya sa kanila noon at likas sa kanila ang kulturang bayanihan.

Sa pagsusuri ng kultural na implikasyon sa mga kuwentong kababalaghan, pipili pa rin ang mananaliksik sa mga bahagi o pahayag na kakikitaan ng mga kultura ang nasabing mga kuwento.

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.11 ang mga kultural na implikasyong nakaolob sa mga kuwentong kababalaghang nakalap ng mananaliksik.

Ang kuwentong Kababalaghang “*Tagbaliw*” na ang kultural na implikasyon ay ang “mahilig maniniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan” tulad ng nangyari sa taong hubad na tinamaan ng kidlat. Talagang kababalaghan ang kuwentong ito dahil sa dumikit ang tao sa malaking bato.

Ang kuwentong kababalaghang “*An Buyawan na Kampana*” na ang kultural na implikasyong nakapaloob ay “Likas sa mga Pilipino na gagawin ang lahat para sa ikagaganda ng kanilang buhay”. Dahil lahat ng mga tao noon ay gusting makuha ang kampanang ginto para sa maganda nilang bukas kaso lang bawat papasok sa yungib hindi makabalik ng buhay dahil ayon sa mga tagaroon may nagbabantay na isang malaking ahas.

Ang kuwentong kababalaghang “*Ginoong Follow the Leader*” na may kultural na implikasyong “may mga taong umaabuso sa kanilang kapangyarihan” tulad ng nangyari noong panahon ng hapon na may batas na sinunod ng mga tao. Kung ano ang sasabihin ng kanilang pinuno iyon ang kanilang susundin kahit ito’y kalaswaan at ito ay ginawa mismo sa loob ng simbahan. walang nagawa ang nasasakupan kundi sundin ang inutos ng kanilang pinuno kaya’t pinarusahan sila ng Panginoon sa pamamagitan ng isang malaking alon at tinunaw ang buong lugar. Sa panahon ngayon may mga taong nasa katungkulan ang umaabuso at nagsasamantala sa mga mahihirap. Ang kaugaliang ito ay hindi maituturing na kultura ng mga Pilipino kundi ipinakita lang dito ang iba’t ibang pag-uugali ng mga tao. Hindi lahat ng mga tao ay mabubuti at lalong hindi lahatng mga tao ay masasama.

Sa kuwentong kababalaghang **“Kapun-an nan Lambog”** na may kultural na implikasyong “mahilig maniniwala ang karamihann sa mga kuwentong kababalaghan” dahil sa isang babaeng nakasuot ng puting damit na mahaba, walang mukha at pumasok sa loob ng punong lambog at biglang naglaho na parang bula.

Sa kuwentong kababalaghang **“An Inkganto”** na may kultural na implikasyong “Pagpapahalaga sa kalikasan”. Mapapatunayan sa kuwentong ito dahil sa pagsira ng tao sa tinitirhan ng mga engkanto, nagulo ang kanilang tahimik na pamumuhay kaya binulabog ng mga masasamang elemento ang buong bayan dahil wala na silang matitirhan. Ito ring ang nangyayari sa kasalukuyang panahon, nababasa at napanood natin sa iba’t ibang balita ang pagkakasira na ng ating kalikasan kaya maraming mga kalamidad na ang naranasan ng mga tao ngayon at maraming nagbuwis ng buhay dahil sap ag-aabuso natin sa ating kapaligiran.

Sa kuwentong kababalaghang **“Ayok sa Panikian”** na may kultural na implikasyong “maraming mga tao ang naniniwala pa rin sa mga kuwentong katatakutan” na matutunghayan natin sa isang lumang bahay na may isang babaeng nagpitiwakal ngunit naksayad sa sahig ang kanyang mga paa. Napag-alaman na siya pala ang pinakatanyag na aswang sa Panikian.

Sa kuwentong kababalaghang **“An Kabayo”** na may kultural na implikasyong “mahilig pa rin ang mga tao sa paniniwala ng mga kuwentong kababalaghan”. Matutunghayan ito sa isang taong nakasakay ng kabayo na tinamaan ng kidlat at dumikit sa bato at ang bato ay dinurog ng mga tao sa pag-aakalang may ginto sa loob nito. Ginawa nila ang kanilang sarili ng hagdan upang madurog nila ang bato hanggang sa silang lahat ay nahulog at hindi na nakita pa.

Sa kuwentong kababalaghang **“Santilmo”** na may kultural na implikasyong ‘mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan’ dahil sa bihira ka lang makakita ng parang bolang apoy na biglang pamaibabaw ang liwanag na parang kasinglaki ng payong ay bubulusok at hugis tao ang apoy na iyon at walang mukha. Tiyak na titindig talaga ang iyong mga balahibo kapag makasalubong ka ng ganoong liwanag.

Ang kuwentong kababalaghang **“An Inkganto”** sa Malitangtang” na may kultural na implikasyong “mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan”. Ito’y karanasan mismo ni nanay Pepay na ang kanyang anak na lalake ay gusting bilhin ng engkanto sa halagang isang sakong ginto. Nang hindi pumayag ang matanda, sinunog niya ang bata na walang apoy na makita at ang damit ay hindi nasunog ang katawan lang ng bata na namipit sa sakit. Hindi pa nakuntento ang engkanto, ang buso niyang anak na babae limang taong gulang ang kinuha ng engkanto. Namatay ang bata na walang sakit, nangingisay at butil-butit ang pawis. Sa pagkamatay ng kanyang bunsong anak, biglang naglaho ang mga lapnos ng kanyang anak na lalake at doon napagtanto ni nanay Pepay na ang kanyang bunsong anak ang kinuha ng mga engkanto.

Sa kuwentong kababalaghang **“Malitangtang”** na may kultural na implikasyong “likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan” dahil sa lungsod ng Cantilan may isang bundok na punung-puno ng iba’t ibang uri ng kahoy at malalaking bato. Sa gitna at pinakamataas na bundok, makikita ang nunuk. Parang paraiso ito sa loob at mayroon itong napakagandang paliguan. Hugis barko ang hitsura ng bundok. Ayon sa kuwento, may nalunod daw na barko noong unang panahon at ang barkong ito naging isang napakagandang bundok na tinitirhan ng mga engkanto.

Ang kuwentong kababalaghang **“An Inkganto sa Pier nan Consuelo”** na may kultural na implikasyong “mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan” kung saan ang pangunahing tauhan sa kuwento na si Godella ay kinuha ng engkanto dahil sa pag-iingay nila sa pier noong panahon ng mahal na araw. Namatay si Godella pag-uli niya mula sa kasayahan kasama ang kanyang mga barkada. Ayon albularyo, pinarusahan sila ng engkanto dahil sa wala silang respeto sa pamamahinga ng mga ito tanghaling tapat at si Godella ang napusuang kunin ng mga engkanto.

Ang kuwentong kababalaghang **“An Baboy na Wakwak”** na may kultural na implikasyong “mahilig maniwala ang karamihan sa mga kuwentong kababalaghan” na matutunghayan sa kuwentong ito kung saan sinalakay si tatay Toloy ng isang aswang na nag-ala baboy na nanlilisik ang mga mata. Sinaksak ni Tatay toloy ng tambang (isang matulis na bakal) ang baboy at idinarang niya ito sa apoy na siyang dahilan sa pagkamatay ng isang babaeng pinaghinalaang aswang.

Ang kuwentong kababalaghang **“An mga Ajam ni Iyo Martino”** na may kultural na implikasyong “likas sa mga Pilipino ang mapagmahal sa mga alagang hayop at higit sa lahat ang pagpapatawad na bukal sa loob”. Matutunghayan sa kuwentong ito ang ginawang pagpapatawad ni iyo Martino sa batang kumuha ng kanyang pananim. May mga alagang hayop siya na nagbabantay sa kanyang mga kasangkapan sa bahay at mga pananim dahil palaging wala siya sa bahay at maraming magnanakaw ng kanyang mga gamit. Hindi rin siya nagdalawang-isip na tulungan ang bata para maligtay sa tiyak na kamatayan.

Ang kuwentong kababalaghang **“An Sigbin sa Suba nan Consuelo”** na may kultural na implikasyong “likas sa mga tao ang maniniwala sa mga kuwentong kababalaghan”, ito’y matutunghayan sa pangunahing tauhan ng kuwentong ito. Isang gabing nangisada siya sa ilog ng Carac-an gamit ang petromax, bigla siyang nakadama na may nagmamasid sa kanya at napansin niyang medyo malayo na siya sa kanyang dinaanan. Umaahon siya sa ilog nang may nakita siyang isang malaking troso na tila sumunod sa kanya. Nang ningunin niya ito, bigla itong lumakad papalapit sa kanya na parang isang hayop na punung-puno ng balahibo ang buong katawan at patiwari kung lumakad. Napagtanto niya na ang hayop na papalapit sa kanya ay isang sigbin na

kinatakutan ng marami sa lugar na iyon. Noong Agosto 20, 2018 may gumagalang sigbin sa Kauswagan, Cagayan de Oro na iniulat sa Kapuso Mo Jessica Soho. Ayon sa nakasaksi, ang hitsura ng sigbin ay kahawig daw ng kambing. Malaki ang tenga, nakatuwad kung lumakad at natabunan ang mukha sa makapal nitong balahibo at sumisipsip ng dugo. Halos maubos ang mga alagang hayop ng isang nakasaksi at napatunayan niyang sigbin ang dumali sa kanyang mga hayop.

Ang kultural na implikasyon sa mga kuwentong kababalaghan ay nakapokus lahat sa mga paniniwala ng mga tao noon sa mga kababalaghang nangyayari sa paligid lalo nang wala pang modernong kagamitan noon at masukal pa ang mga kagubatan na kung saan naninirahan ang mga iba't ibang elemento. Sa panahon ngayon, bihira na lang ang madaling naniniwala sa mga kababalaghan dahil sa mga bagong teknolohiya at nasira na ang kagubatan dulot sa pag-usbong ng ekonomiya. Kung mayroon mang kababalaghang nangyayari ngayon, ito ay hindi gawa ng masasamang elemento kundi gawa ng mga taong nalululong sa masasamang bisyo na hatid ng nasabing pagbabago.

Talananayan 4.4.11 Kultural na Implikasyon ng Alamat

Kuwentong-bayan		Piling Pahayag	Kultural na Implikasyon
A L A M A T	Taggikanan nan Panikian	Nan panahon nan mga Amerikano, nagsurvey sila nan mga mineral, iron deposits, kay hawag na bukid sanan kakahujan pa in na lugar hangtod nangutana an Amerikano kun uno jaon na mga langgam kahamokers. Laong nan giya na paniki.	Likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan.
	Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 1)	Jadto si Tilang , an sistema kuno magluto nan asin jaoy ibuyad sa amo ra nan pispán-pispán ajara pahubsi. An isa isab na asin aja gajod lutua sa dako na kawa paghungaw nan jaon mahimo nan asin an tubig. Pagkamulusong na jadton mga orihinal na tawo dire sa Cantilan kay mosuba na isab magpalit nan asin.	Nakasanayan ng mga Cantilangnun na maghanap ng paraan upang makagawa ng mga pampasarap ng pagkain.
	Taggikanan nan Cantilan (Bersyon 2)	Sa una na panahon, jaoy is aka gwapa na dyaga na tagnganlan na si “ Tilang” . Sa ija ka gwapa, dabo na mga ulitawo sa mga nagkalain-lain na lugar an nayujag sa ija. Tanan sila gusto na maasawa si Tilang.	Maraming mahuhumaling sa taglay na kagandahan ng isang tao . Minsan ang panlabas na kaanyuan ang pinagbabatayan sa pagpili ng makakasama sa buhay.
	Taggikanan nan Linibunan	Sa una na panahon may isa ka lugar sa Madrid na way hikít-an na lupa, kahoy kundi puro suba lamang. Nagkabiro an mga tawo kun hain sila maghuya. Nagkasinabot sila na tabangan nila paglibun an suba nan lupa para kahuy-	Kultura ng mga Surigaonon na magtulungan para sa kapakanan ng lahat. Walang kanya-kanya sa kanila noon at likas sa kanila ang kulturang

		an. Tungud sa ila pagtinabangay, nalibunan an suba waya nay tubig ugsa ila na dajon taghimoan nan ila mga bayay.	bayanihan.
--	--	--	------------

Sa pagsusuri ng kultural na implikasyon sa alamat, pipili ang mananaliksik ng mga bahagi ng nagpapahiwatig ng kultura. Nakakaimpluwensya ang mga alamat sa pag-uugali at asal ng mga taong naninirahan sa nasabing lugar.

Matutunghayan sa talahanayan 4.4.11 sa ibaba ang kultural na implikasyon ng mga alamat.

Ang alamat ng **“Taggikanan nan Panikian”** na may kultural na implikasyong “Likas sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa kalikasan” dahil sa napakayaman ng Panikian, maraming mga dayuhan ang naenganyong namasyal sa nasabing lugar at doon nila nasaksihan kung gaano kaganda ang Panikian kasama ang naglilipanang mga paniki na siyang nakadagdag sa kagandahan ng nasabing lugar.

Ang alamat na pinamagatang **“ Taggikanan nan Cantilan Bersyon 1”** na may kultural na implikasyong “ nakasanayan ng mga Cantilangnun na maghanap ng paraan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan” at ito’y napatunayan ni Tilang na siyang nagluto ng pangunahing sangkap na asin. Lahat ng mga karatig-bayan ay doon pumunta kay Tilang upang bumili ng asin.. Kung hindi dahil kay Tilang, tiyak na walang magagamit ng mga tao sa kanilang pagkain.

Sa alamat na **“ Taggikanan nan Cantilan Bersyon 2”** na may kultural na “ maraming nahuhumaling sa taglay na kagandahan ng isang tao. Minsan ang panlabas na kaanyuan ang pinagbabatayan sa pagpili ng makakasama sa buhay”. Si Tilang ang tinaguriang pinakamagandang dalaga sa kanilang lugar na maraming mga binatang nahuhumaling sa taglay niyang kagandahan. Kahit saan siya magpunta, lahat ng mga kalalakihan ay sinusundan siya kahit saan magpunta. Ang kulturang ito ay namana ng mga kabataan ngayon dahil hindi sila pipili na maging kasintahan at magiging asawa kung hindi maganda. May mga binata at dalaga ngayon na hindi na tumitingin sa katangiang panlabas ng isang tao kundi ang siguridad ng kanilang pamilya na hindi maghihirap at mamuhay ng maligaya dahil aanhin mo ang kagandahan o kaguapuhan kung kumalalam ang sikmura mo dahil sa gutom, tiyak mawawala ang pag-ibig kapag kahirapan ang namamayani.

Sa alamat na **“ Taggikanan nan Linibunan”** na may kultural na implikasyong “kultura ng mga Surigaonon na magtulungan para sa kapakanan ng lahat. Walang kanya-kanya noon at likas sa kanila ang kulturang bayanihan”. Ito’y mapapatunayan sa alamat na ito na lahat ng mga tao sa nasabing lugar ay nagtutulungang matabunan ang isang ilog upang matirikan ng kanilang mga tahanan at sa awa ng Diyos, nagkaroon ng katuparan ang kanilang pangarap na may matitirhan dahil matagumpay nila itong nagawa.

Ipinapakita ang kultural na pananaw ang kahalagahan ng alamat na siyang pinagmulan ng isang bayan. Dito nakabase ang kanilang pag-uugali, asal at pagtutulungan sa isa’t isa sa mga pangangailangan ng kumunidad. Kung ang pangalan ng iyong purok ay masipag, tiyak na ipapamalas ng bawat nanirahan sa purok ang kasipagan na hango sa pangalan ng kanilang purok.

Talahanayan 4.4.12

Kultural na Implikasyon ng mga Pabula

	Kuwentong-bayan	Piling Pahayag	Kultural na Implikasyon
P	Si Unggoy sanan si Buaja	Tagtabangan dajon ni Buaja na maduot kay ija pasakjon sa ija likod. Waya mahibayo si Unggoy na may lain baja na plano si Buaja ugsa ija tagtabangan si Unggoy kay pag-abot sa tung-tunga nan suba, ija dajon kan-on si Unggoy.	Pagiging makasarili at walang pakialam sa kapwa..
A B U L	Si Lawalawa sanan an Isog na Bujog	Kada buntag madistorbo si Lawalawa sa ija pagtuyog kay grabe kabujong si Bujog. Sajo pa gani sa buntag, nagbujong-bujong na sija. Tagsagda siya ni Lawalawa na magrespeto sa ija silingan, pero waya manalinga si bujog nag-isog hinoon.	May mga taong walang pakialam sa kapwa.
A	An Uwak sanan an Awol	Tagbati sija nan kagutom pagkakita nija sa mangga. Ija na unta kuhaon pero may Awol na nagbantay. Tag-ajo	Pagiging makasarili at walang pakialam sa kapwa.

		nan Uwak an mangga kan Awol pero waya ihatag nan Awol kay ija kan-on silom.	
--	--	---	--

Inilalahad sa talahanyan 4.4.12 sa ibaba ang kultural na implikasyon ng mga pabula.

Sa pabulang “*Si Unggoy sanan si Buaja*” na may kultural na implikasyong “pagiging makasarili at walang pakialam sa kapwa.” Sa alamat na ito, kampante si Unggoy na taos-puso siyang tutulongan ni Buaja na ihatid siya sa kabilang pampang para kumuha ng pagkain. Lingid sa kaalaman ni Unggoy may masamang binabalak sa kanya si Buaya kaya niya ito tinulungan. May mga tao ngayon na tutulong na may kapalit. Bagamat negatibo ang kulturang ito ngunit natin ito puwedeng isantabi na unti-unti na itong maging kultura natin. Halimbawa sa mga pulitiko ngayon, tutulong sila kapalit ng iyong boto, kinakailangang kang magkaroon ng utang na loob. Ang kulturang pagtulong sa kapwa ay hindi naghihintay ng kapalit, kusa itong ibinigay.

Ang pabulang “*Si Lawalawa sanan an Isog na Bujog*” na may kultural na implikasyong “may mga taong walang pakialam sa kapwa. Walang respeto sa karapatan ng bawat isa”. Si Bujog ay may ugaling mayabang, walang galang sa kapwa dahil maingay siya at hindi niya alintana kung may maistorbo sa kanyang ginawa kaya sa galit ni Lawalawa naghiganti ito at humantong sa kamatayan nini Bujog. May mga tao ngayon na sarili lang ang iniisip, wala silang pakialam sa iba. Unti-unti na itong naging kaugalian ng mga Pilipino ngayon lalo

sa hirap ng buhay, ika nga kapit sa patalim, masaktan ang masaktan makuha lang ang inaasam-asam.

Sa pabulang “*An Uwak sanan an Awol*” na may kultural na implikasyong “pagiging makasarili at walang pakialam sa kapwa. Wala silang pakialam kung may masasaktan basta’t makuha nila kung ano ang gusto nila”. Matutunghayan sa kuwento na labis ang pagkagutom ni Uwak dahil sa maghapon paglipad at maibsan na sana ang kanyang pagkagutom dahil may nakita siyang manga ngunit hindi niya ito nakuha dahil may nakabantay na isang Awol. Kahit anong pakiusap ang ginawa ng Uwak na pakainin siya ng manga ngunit hindi siya pinakinggan dahil ang Awol mismo ang kakain ng manga. Maraming mga pangyayari sa ngayon ang ating maihalintuld sa buhay ni Uwak, maraming taong nagugutom, marami ring taong nagsasayang ng pagkain. Kahit saang sulok tayo ng bansa ngayon, masasaksihan natin ang maraming nagkalat na pulubi sa lansangan.

Sa mga pabulang nakalap ng mananaliksik, ang kulturang napapaloob dito ay may pagka-negatibo. Ipinapakita sa pabulang ito ang papel na kanilang ginagampanan na di nalalayo sa mga ugali ng mga tao ngayon, pwersa lang sa mabubuti. Nagsisilbing aral ito sa mga mambabasa kung ano ang kinahihinatnan kapag gumawa tayo ng kasamaan sa ating kapwa.

Sa kabuuan, sa pamamagitan ng mga kuwentong-bayan, naipapahiwatig ng matatanda sa sumusunod na salinlahi ang kalakihan ng repleksyon nito sa buhay at kultura ng mga Pilipino, partikular sa kanilang kasaysayan, kapaligiran, at kaugalian (Semorlan et al., 2014).

IV. CONCLUSION

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, inilalahad ang mga sumusunod na konklusyon: Ang kuwentong-bayan ng mga Surigaonon ay nanatiling buhay hanggang sa kasalukuyan. Kabilang sa mga pasalitang panitikan tulad ng ang mito, alamat, pabula, at kuwentong kababalaghan ay napakayaman ito’y repleksyon ng kultura at buhay-Pilipino lalong-lalo na ang pamumuhay, kultura at tradisyon ng mga Surigaonon na hanggang ngayon ay kanilang pinapahalagahan, pinayayaman at preneserba para sa susunod pang henerasyon. Batay sa mga naging konklusyon ng pag-aaral, inihahain ang mga sumusunod na rekomendasyon: Palawakin ang paggamit ng tema sa mga araling pangwika, akdang pampanitikan at pananaliksik. Ang pagtukoy at pagsusuri ng tema sa mga akda ay isang mabusisi at madetalyadong gawain, sa pagsasagawa nito, masasanay ang mga mag-aaral at mapapaunlad ang kanilang kasanayan sa larangan ng pananaliksik. Paunlarin ang kakayahan sa pagtukoy ng mga symbolismong napapaloob sa mga akdang pampanitikan upang mas mapalawak ang kasanayan sa pananaliksik at iba pang mga gawaing pangwika. Ipagpatuloy ang pag-aaral at pagsusuri ng kultural na implikasyon, ng bawat akda upang makikilala ang kulturang taglay ng bawat rehiyon. Ipagpatuloy ang pag-aaral at pagsasatitig sa mga oral na literatura hindi lamang sa Surigao del Sur kundi sa iba pang bayan upang ito ay masuri at mapayaman pa at manatiling buhay hanggang sa pagdaan ng marami pang taon. Para sa susunod na mananaliksik, dagdagan pa ang mga natuklasang mito, alamat, pabula, kuwentong kababalaghan at iba pang genre upang mas lalong mapayaman ang mga ito. Laliman pa ang pagsusuri sa mga panitikang natuklasan lalong-lalo na sa pagsusuri ng tema, simbolismo, at kultural na implikasyon. Gamitin ang awtput sa pag-aaral na “Antolohiya ng mga Kuwentong-bayang Surigaonon” sa pagtuturo ng Poklor sa Pilipinas.

REFERENCES

- [1]. Silva, Sara G. at Tehrani, Jamshid J. 2016. Comparative phylogenetic analyses uncover the ancient roots of indo-european folktales . royal society open science:The Royal Society Publishing.
- [2]. Sims, Martha . 2005. Living folklore: an introduction to the study of people and their traditions.Logan: Utah State University Press
- [3]. Kitayama, O. 2005. Prohibition against looking analysis of japanese mythology and folktales in w tseng. s.c. chong & nisha eds.aean
- [4]. Aputan, Estela. 2013. *Panitikang kayamanan ng bayan.School Division of Nueva Ecija Greater Heights.*
- [5]. Weerasinghe, Tudor. 2010. *Folktales as an effective media for culture communication towards child socialization: a study on folktale practices among school children in sri lanka. sli Lanka: university of colombo.*
- [6]. Loyoja .2011. Nakalap noong Agosto 2, 2018 mula sa www.blogspot.com[11].
- [7]. Eugenio, D. 2007. Philippinefolk literature : an anthology. Quezon City, Philippines: UP Press, xxiii-xxvi.
- [8]. Du, Nelia O. 2014. *Pagdalamat sa mga sinaunang di- materyal na kultura sa mga b'laan sa brgy. pisan, kabacan, cotabato mula sa kanilang kwentong-bayan. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. 2 (6), 158-163).*
- [9]. Bron, Ligaya O. 2008.*Kaugaliang pilipino at pagpapahalagang moral na masasalim sa mga sinasalita at isinatitik na panitikang bayan sa apat na bayan ng camarines norte: isang pagsusuri . Maynila: Pamantasang Manuel Luiz Quezon.*
- [10]. Chen, Chi-Fen Emily. 2009. Characteristics of folk literature. Taiwan: National Koohsiung First University of Science and Technology.
- [11]. Joo Jin, Yam. 2010. Pagsusuri ng maikling kuwento sa panahon ng kastila (Ang pagong at ang Matsing). Nakalap noong Desyembre 22,2018 mula <https://www.slideshare.net/sacrikanzaki05>.
- [12]. Camar, Aisah B. 2016. *Koleksyon, klasipikasyon at mga pagpapahalagang napapaloob sa mga kuwentong-bayan. Surigao del Sur State University, Tandag City.*
<https://www.slideshare.net/sacrikanzaki05>.
- [13]. Yason, G. 2012. Kahulugan ng alamat. Nakalap noong Nobyembre 25,2018 mula <http://www.scribd.com/doc/101028302/kahulugan-ng-Alamat/scibd>